2017

PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# LEARNING MODULE

Filipino G9 | Q1

# Mga Akdang Pampanitikan sa Timog Silangang Asya



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

**PEAC National Secretariat**
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

FILIPINO 9

# Modyul 1: Mga Akdang Pampanitikan Ng Timog Silangang Asya: Maikling Kuwento, Nobela, Tula, Sanaysay, At Dula

**Panimula at mga Pokus na Tanong**

Naranasan mo na bang pagmalupitan ng iyong sariling ama? Ano ang iyong gagawin kapag sinasaktan ka ng iyong ama sa tuwing siya ay lasing? Sa kabilang banda, anong pamana ang nais mong hilingin mula sa iyong ina, at bakit ito ang iyong hihilingin? *Mahihikayat ka kayang gawin ang tulad nang ginawa ng mga tauhan mula sa iba't ibang akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya na iyong pag-aaralan kung mapagtantong malaki ang kaugnayan nito sa iyong sariling buhay?*

Sa modyul na ito, mabibigyang sagot ang sumusunod na mga tanong:

- ***Bakit mahalagang maunawaan at mapahalagahan ang iba't ibang akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya?***
- ***Kailan masasabing malaki ang epekto sa iyo ng mga akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya?***
- ***Paano nakatulong ang mabisang paggamit ng wika sa pagpapalutang ng kasiningan ng akda?***

## Saklaw ng Modyul

Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga tanong na nabanggit kapag pinag-aralan mo ang sumusunod na mga aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matututuhan mo ang… | Blg. ng Sesyon |
|---|---|---|---|
| *Aralin1* | *Aralin1* - Panitikan: *Ang Ama* (Maikling Kuwento – Singapore) | Magsuri ng maikling kuwento batay sa: Paksa, Mga tauhan, Pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, estilo sa pagsulat ng awtor, iba pa. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Wika: *Transitional Devices* | ● Magsuri ng mga pangyayari, at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan sa lipunang Asyano batay sa napakinggang akda.<br>●Mag-uri ng mga tiyak na bahagi sa akda na nagpapakita ng pinakamataas na katotohanan, kabutihan, at kagandahan batay sa napakinggang bahagi ng maikling kuwento.<br>● Magsuri ng sariling ideya at ideya ng iba kapag nakikita sa katauhan ng nagsasalita.<br>● Makabuo ng kritikal na paghusga sa karakterisasyon ng mga tauhan at sa epekto nito sa pagiging masining ng akda batay sa napakinggang mga pahayag. | |
| *Aralin 2* | *Aralin 2 -* Panitikan: *Takipsilim Sa Djakarta* (Nobela – Indonesia)<br><br>Wika: Pang-abay na Pamanahon | ● Magsuri ng mga pangyayari, at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan sa lipunang Asyano batay sa napakinggang akda.<br>● Magsuri ng sariling ideya at ideya ng iba kapag nakikita sa katauhan ng nagsasalita.<br>● Makabuo ng kritikal na paghusga sa karakterisasyon ng mga tauhan at sa epekto nito sa pagiging masining ng akda batay sa | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | napakinggang mga pahayag.<br>● Makabuo ng sariling paghatol o pagmamatuwid sa mga ideyang nakapaloob sa akda.<br>● Magsuri ng maikling kuwento batay sa: Paksa, Mga tauhan, Pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, estilo sa pagsulat ng awtor, iba pa.<br>● Makasulat ng isang pangyayari na nagpapakita ng tunggaliang tao vs. sarili.<br>● Makapagpahayag ng sariling emosyon/ damdamin sa iba't ibang paraan at pahayag. | |
| *Aralin 3* | *Aralin 3* - Ang Pamana (Tula – Pilipinas)<br><br>Wika: Wastong Gamit ng mga Salitang Naglalarawan | ● Makapag-ugnay ng sariling damdamin sa damdaming inihayag sa napakinggang tula.<br>● Makapagbigay-kahulugan sa mahirap na salitang ginamit sa akda batay sa denotatibo o konotatibong kahulugan<br>● Makapagbigay ng sariling interpretasyon ang mga pahiwatig na ginamit sa akda<br>● Matukoy at maipaliwanag ang magkakasingkahulugang pahayag sa ilang taludturan<br>● Maipaliwanag ang salitang may higit sa isang kahulugan | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | ● Maipaliwanag ang kahulugan ng salita habang nababago ang estruktura nito.<br>● Bumigkas nang maayos at may damdamin ang isinulat na sariling taludturan.<br>● Makapagsaliksik sa internet ang ilang halimbawang tula sa Timog-silangang Asya.<br>● Magsuri mula sa *youtube* ang ilang halimbawa ng pagbigkas ng tula, isahan man o sabayan. | |
| *Aralin 4* | Panitikan: *Kay Estela Zeehandelaar* (Nobela–Indonesia)<br><br>Wika: Wastong Gamit ng mga Pang-ugnay sa Paglalahad ng Opinyon | ● Magsuri ng padron ng pag-iisip (*thinking pattern*) sa mga ideya at opinyong inilahad sa binasang sanaysay.<br>● Makapagbahagi ng sariling pananaw sa resulta ng isinagawang sarbey tungkol sa tanong na: "Alin sa mga babasahin ng Timog-silangang Asya ang iyong nagustuhan?"<br>● Makasulat ng sariling opinyon tungkol sa mga dapat o hindi dapat taglayin ng kabataang Asyano.<br>● Magamit ang mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay-opinyon (sa tingin / akala / pahayag / ko, iba pa)<br>● Makapagpahayag ng sariling emosyon/damdamin sa | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | iba't ibang paraan at pahayag.<br>● Magamit ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw. | |
| *Aralin 5* | Panitikan: *Sa Pula, Sa Puti* (Dula – Pilipinas)<br><br>Wika: Pandiwang Panaganong Paturol | ● Mag-uri ng mga tiyak na bahagi sa akda na nagpapakita ng pinakamataas na katotohanan, kabutihan, at kagandahan batay sa napakinggang bahagi ng dula.<br>● Magsuri ng sariling ideya at ideya ng iba kapag nakikita sa katauhan ng nagsasalita.<br>● Makabuo ng kritikal na paghusga sa karakterisasyon ng mga tauhan at sa epekto nito sa pagiging masining ng akda batay sa napakinggang mga pahayag.<br>● Makabuo ng sariling paghatol o pagmamatuwid sa mga ideyang nakapaloob sa akda.<br>● Mailapat sa sarili, bilang isang Asyano, ang pangunahing kaisipan ng dulang binasa.<br>● Maibahagi ang sariling pananaw  sa resulta ng isinagawang sarbey tungkol sa tanong na: "Alin sa mga babasahin ng Timog-silangang Asya ang iyong nagustuhan?" | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • Mabigyang- kahulugan ang mahirap na salitang ginamit sa akda batay sa denotatibo o konotatibong kahulugan<br>• Mabigyan ng sariling interpretasyon ang mga pahiwatig na ginamit sa akda<br>• Mapahalagahan ang napanood na dula sa pamamagitan ng pagpili at pagpapaliwanag ng bahaging naibigan.<br>• Magsuri ng maikling kuwento batay sa: Paksa, Mga tauhan, Pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, estilo sa pagsulat ng awtor, iba pa.<br>• Mabigbigkas nang may paglalapat sa sariling katauhan ang ilang diyalogo ng napiling tauhan sa binasang dula.<br>• Mapagsusunod-sunod ang mga pangyayari.<br>• Makasulat ng isang pangyayari na nagpapakita ng tunggaliang tao vs. sarili.<br>• Magsuri ng pagiging makatotohanan ng ilang pangyayari sa isang dula. | |

**Concept Map ng Modyul**

Kapaki-pakinabang ang pagbibigay-pansin mo sa binuong mapa ng mga aralin na pag-aaralan mo sa modyul na ito.

**PANITIKAN NG TIMOG-SILANGANG-ASYA**

***Aralin 1***
**Panitikan:** ***Ang Ama***
Maikling Kuwento – Singapore
**Wika:** *Transitional Devices*

***Aralin 2***
**Panitikan:** ***Takipsilim sa Djakarta***
Nobela – Indonesia
**Wika:** Pang-abay na Pamanahon

***Aralin 3***
**Panitikan:** ***Ang Pamana***
Tula – Pilipinas
**Wika:** Wastong Gamit ng mga Salitang Naglalarawan

***Aralin 4***
**Panitikan:** ***Kay Estela Zeehandelaar***
Nobela – Indonesia
**Wika:** Wastong gamit ng mga Pang-ugnay sa Paglalahad ng Opinyon

***Aralin 5***
***Panitikan:*** ***Sa Pula, sa Puti***
Dula – Pilipinas
**Wika:** Pandiwang Panaganong Paturol

**Inaasahang mga Kasanayan**

Upang mapagtagumpayang masagutan ang aralin at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nahihinuha ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga akda mula sa Timog-silanngang Asya
2. Nabibigyang kahulugan ang matatalinghagang pahayag sa binasa.
3. Naipahahayag ang sariling pananaw at damdamin sa ilang pangyayari sa binasa.
4. Naibibigay ang sariling puna sa kahusayan ng mga may-akda sa paggamit ng mga salita at pagpapakahulugan sa akda.
5. Nailalahad ang damdamin o saloobin ng mga may- akda
6. Nasusuri ang mga pangunahing kaisipan ng bawat akdang binasa
7. Naipaliliwanag ang sariling saloobin/impresyon tungkol sa mahahalagang mensahe at damdaming hatid ng mga akda
11. Naibabahagi ang nadarama matapos mapanood ang mga *video* na may temang katulad ng mga aralin

## PANIMULANG PAGTATAYA

Ngayon, oras na upang tuklasin natin kung gaano kalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa sa modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot mo sa sumusunod na mga tanong. Sagutin ang lahat ng aytem. Pagkatapos masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor.

Pagkatapos masagutan at maiwasto ang mga ito, isaalang-alang ang mga naging kamalian at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan ang modyul na ito.

Kung handa ka na upang sagutin ang panimulang pagtataya ng araling Ito, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Alin sa sumusunod na mga anyo ng panitikan ang sumasailalim sa mga terminong sukat, tugma, aliw-iw, indayog, taludtod, saknong, at talinghaga?
   a. Sanaysay
   b. Tula
   c. Dula
   d. Nobela
2. Sa maikling kuwentong *Ang Ama,* kailan natauhan at itinigil ng ama ang pagmamalupit na malimit gawin sa kaniyang mga anak?
   a. Nang siya'y hinuli at ikinulong ng ilang araw
   b. Nang siya'y nilayasan ng kaniyang asawa't mga anak
   c. Nang di sinasadyang mapatay niya ang sariling asawa
   d. Nang di sinasadyang mapatay niya ang sariling anak

3. Sa tulang *Ang Pamana,* anong uri ng mana ang hiniling ng anak mula sa kaniyang minamahal na ina?
   a. Ang kanilang bahay at lupa
   b. Ang sasakyang naiwan ng ama
   c. Ang mismong sariling ina
   d. Ang malawak na bukirin

4. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang kakikitaan ng pang-abay na pamanahon?
   a. Dahan-dahan niyang binuksan ang pintuan upang di magising ang sanggol.

b. Magarbo ang pagdiriwang ng *Panagbenga Festival* sa Lunsod ng Baguio.
c. Tinanghali ng gising si Melba dahil napuyat siya sa paggawa ng proyekto.
d. Kinayayamutan ang sinumang nagtatapon ng basura kung saan-saan.

5. *Kailangan natin ng oksihino para mabuhay*. Batay sa katotohanang ito, alin naman sa sumusunod na mga pangungusap ang nagsasaad ng opinyon?
   a. Ikamamatay ng mga tao at hayop ang kawalan ng oksihino.
   b. Mas marami ang oksihino sa probinsya kumpara sa siyudad.
   c. Hindi magiging posible ang buhay sa ating planeta kung walang oksihino.
   d. Di man natin nakikita't nahahawakan ang oksihino, walang alinlangang mayroon ito.

6. Sa pangungusap *na Nagtulong-tulong ang magkakabaranggay sa paglilinis ng lahat ng sulok ng kanilang pamayanan. Sa wakas, wala nang biktima ng dengue". A*ling kataga ang maituturing na *transitional device* o nag-uugnay sa mga pangyayari?
   a. sa
   b. ng lahat
   c. sa wakas
   d. ng

7. Ano ang gamit ng mga salitang nasalungguhitan sa pangungusap na *<u>Nakadudurog-puso</u> ang ginawang pag-iwan ng ina sa sanggol na anak dahil lamang sa hangaring makapagtrabaho sa ibang bansa?*
   a. nagpapaliwanag
   b. nagsasalaysay
   c. nangangatuwiran
   d. naglalarawan

8. Anong aspekto ng pandiwa ang sumusunod na mga salita: *kaaalam, kaiigib, kalalaba, kalilinis, kaluluto, at kaaaral*?
   a. perpektibo
   b. imperpektibo
   c. kontemplatibo
   d. perpektibong katatapos

9. Alin sa mga sumusunod ang di tamang pananaw hinggil sa isang nobela?
   a. Maraming kabanata ang bumubuo sa nobela.
   b. Madalas, hindi matatapos sa isang upuan ang pagbabasa sa nobela.
   c. Maaaring mag-isa bilang isang kuwento ang bawat kabanata sa nobela.

   d. Sumasaklaw ng iba't ibang panahon ang mararaming pangyayari sa nobela.

10. Alin sa sumusunod na mga salawikain ang pinakaakmang mensahe na masasalamin sa maikling kuwentong mula sa Singapore na *Ang Ama?*

    a. Aanhin mo ang damo kung patay na ang kabayo
    b. Kung ano ang talon ng inang kambing, ang anak ay ganon din
    c. Di namumnunga ng mangga ang punong santol
    d. Kapag maigsi ang kumot, magtiis mamaluktot

11. Alin sa sumusunod na mga paghahambing ang pinakaangkop na mensahe ng akdang Indonesia na Kay Estela Zeehandelaar?
    a. Ang buhay ay animo'y saranggola, minsa'y matayog ang lipad, minsan nama'y bumabagsak
    b. Ang buhay ay parang gulong, hindi sa lahat ng pagkakataon, ikaw ay nasa ilalim
    c. Ang buhay ay kawangis ng kandila, darating at darating ang panahong mauupos ito
    d. Ang buhay ay tulad ng isang laro, di mo alam kung kailan ka mapipilayan kaya ito'y paghandaan

12. Ano ang pinakamalapit na kahulugan ng pahayag na *Balang-araw, maaaring lumuwag ang tali at kami'y makalaya sa pagkakaalipin,* na hango sa akda mula sa Indonesia na *Kay Estela Zeehandelar*?
    a. Maaalis ang pagkakabuhol ng tali at makalalaya na rin sa wakas.
    b. Makalalaya mula sa pagkokontrol ng iba at makadarama ng ginhawa.
    c. Balang-araw, mapababayaan at makawawala ang sinumang nakatali.
    d. Ang pagluwag ng tali ay nangangahulugang ito'y napabayaan.

13. Ano ang pangunahing mensahe ng tulang *Ang Pamana* ni Jose Corazon de Jesus na nais ikintal sa puso ng mga mambabasa?
    a. Pahalagahan ang ina nang higit pa sa anumang materyal na bagay sa mundo.
    b. Makontento sa anumang materyal na ipamamana ng iyong mga magulang.
    c. May karapatang mamili ang sinuman sa uri ng mana na dapat tanggapin.
    d. Angkop lamang na bigyan ng mga magulang ng mana ang kanilang anak.

14. Paano maisasagawa ang malikhaing panghihikayat sa mga akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya?
    a. Nakabatay ang panghihikayat sa nadaramang koneksyon o kaugnayan ng mga akda sa personal na buhay.

b. Nakabatay ang panghihikayat sa kung gaano karami ang *audience* na hihimukin.
c. Nakabatay ang panghihikayat sa dami ng mga paraang gagamitin.
d. Nakabatay ang panghihikayat sa premyong salaping matatanggap ng *audience.*

15. Lagi kayong pinagmamalupitan ng iyong ama sa tuwing umuuwing lasing. Pati ang iyong ina ay lagi ring umiiyak dahil sa kagagawan ng iyong ama. Maging ang iyong mga kapatid ay di rin ligtas sa mga sampal at suntok ang iyong ama. Alam mong di likas na ganito kasama ang iyong ama. Isang gabi, namataan mong parating ang iyong ama at alam mong lasing na naman siya. Ano ang iyong gagawin?
    a. Huwag nang buksan ang pintuan nang di na siya makapasok sa bahay at di kayo saktan.
    b. Magkunwaring di nakita ang pagdating ng ama at magtulog-tulugan na lamang para di ka madamay.
    c. Pakitunguhan pa rin nang maayos ang ama at kausapin nang mula sa puso kapag di na siya lasing.
    d. Sabihan ang ina na layasan na lamang ninyo ang lasinggerong ama upang di na muling masaktan.

16. Napakabuti ng iyong ama. Walang sandaling di siya nagbigay ng suporta sa inyong magkakapatid. Napakalambing din niya sa inyo at sa inyong ina. Lumalabas dinkayo tuwing Sabado't Linggo para mag-*bonding* at magsimba. Subalit isang araw, sa di sinasadyang pagkakataon, narinig mo mula sa usapan ng iyong mga kapitbahay na ang iyong ama ay dati palang *drug addict,* sugarol, basagulero, at higit sa lahat, nagpabalik-balik noon sa kulungan. Ano ang nararapat na saloobin mo ngayon sa iyong ama?
    a. Magtanim ng sama ng loob sa'yong ama dahil sa paglilihim na ginawa niya hinggil sa kaniyang naging buhay-nakaraan.
    b. Di magbabago ang pagmamahal sa ama yamang ang nakaraan ay nakaraan, ang mahalaga, masaya kayo ngayon.
    c. Magdamdam at sasabihin sa ama ang natuklasan at ipamukha sa kaniya ang ginawa niyang pagsisinungaling.
    d. Kumbinsihin ang ina't mga kapatid na layuan ang ama dahil sa natuklasang napakasamang buhay ng ama noon.

17. Kilala ka bilang isang napakamatulunging anak at mag-aaral. Hindi mo kailanman ipinagdamot ang iyong tulong sa sinumang nangangailangan. Dahil dito, lagi kang nakatatanggap ng papuri mula sa ibang tao. Nang magbakasyon kayong buong mag-anak at maligo sa isang *swimming pool*, iyong napuna ang isang batang tila nahihirapang lumangoy sa malalim na

bagahi ng *pool*. Ano ang iyong gagawin gayong ikaw mismo ay nahihirapang lumangoy?

a. Sasagipin mo ang bata kahit alam mong manganganib ang iyong buhay para
lamang mapanatili mo ang magandang imahe sa iba.
b. Magkunwaring di mo nakita ang bata para wala kang dahilang tumulong, tutal, ikaw mismo ay hirap sa paglangoy.
c. Hayaan na lamang ang bata at isiping may ibang makakikita sa kaniya upang siya'y tulungan at di na makonsensya.
d. Humingi ng tulong sa sinumang marunong lumangoy upang masagip ang bata mula sa tiyak na kapahamakan.

18. Lagi kang sinasabihan ng iyong ama't ina na umuwi agad pagkatapos ng eskuwela upang 'di sila mag-alala sa'yo. Gayunpaman, isang araw, nasalubong mo sa'yong pag-uwi ang isang kaibigang matagal mo nang 'di nakikita. Niyaya ka niyang magmeryenda't mamasyal na naging sanhi ng pag-uwi mo nang gabing-gabi. Pagdating mo sa bahay, batid mong galit na galit ang iyong mga magulang. Paano mo sila pakikitunguhan?
    a. Idahilang may pangkatang gawain kayong tinapos sa paaralan.
    b. Ipagdiinang maaga kang umuwi pero sadyang napakahaba ng trapik.
    c. Sabihin ang totoo upang maibigay ang nararapat na payo sa iyo.
    d. Idahilang inutusan ng guro na tapusin ang isang mahalagang gawain.

19. Tanyag ka sa inyong paaralan dahil sa mga sumusunod na kadahilanan: taglay mo ang kaaya-ayang pisikal na kaanyuan, ika'y nabibilang sa pamilyang kilala at mayaman, at may angkin ka ring talino na hinahangaan ng kapwa mga estudyante at guro. Kaya, walang dudang napakarami mong kaibigan at ikaw ang palaging bida sa tuwing magkakasama kayong magbabarkada. Sa paglipas ng mga araw, napuna mong isang *batchmate* na may taglay ding yaman at husay ang tila umaagaw ng iyong atensyon. Unti-unting lumalayo at nababawasan ang iyong mga kaibigan dahil pumupunta sila sa kaniya. Paano mo ngayon pakikitunguhan ang iyong *batchmate*? Piliin sa mga sumusunod ang pinakatama na dapat mong gawin.
    a. Huwag magpaapekto bagkus ipagpatuloy lamang ang mabuting ginagawa sapagkat ang mahalaga'y 'di ka nakasasakit ng kapwa.
    b. Gawin ang lahat ng maisipang paraan upang siraan ang *batchmate* na ito dahil kailangang ikaw lamang ang sikat sa mata ng lahat.
    c. Susugurin ang *batchmate* na ito at harapang sasabihing siya'y mang-aagaw ng kaibigan at itigil na ang ginagawang pakikialam.
    d. Ipagpilitan sa mga magulang na ilipat ka ng paaralan sapagkat 'di ka na masaya sa paaralang pinapasukan dahil sa isang *batchmate.*

20. Ipagpalagay mong sumapit na ang takdang panahong upag ika'y mamimili ng magiging kasintahan. Ang isa mong manliligaw ay ubod nang yaman. Samo't saring mamahaling regalo ang ibinibigay sa'yo. Maraming nagsasabing napakapalad mo sa kaniya. Gayunpaman, kabilaan din ang nagsasabing siya

ay may magaspang na pag-uugali. Wala raw siyang galang sa mga babae at sa mga nakatatanda kahit sa kaniyang mismong mga magulang. Napatunayan mong totoo ang mga sabi-sabi nang minsa'y niyaya kang mamasyal sa kanilang bahay dahil sa isang okasyon. Alin sa mga sumusunod ang pinakamakabuluhang pasya na dapat mong isagawa bilang pakikitungo ngayon sa iyong manliligaw?

a. Huwag magpapadala sa yaman ng binata sapagkat aanhin mo ang yaman
kung pag-uugali'y kasuklam-suklam.
b. Tanggapin ang pagmamahal ng binata kahit sabihin pang masama ang
ugali dahil ang mahalaga marami kang pera.
c. Tanggapin ang pag-ibig ng binata, lustayin ang kaniyang pera, at kapag
wala na'y iiwan na siyang mag-isa.
d. Tanggapin ang iniaalok na pagmamahal ng binata at hikayatin siyang

## PAGTUKLAS

Dahil sa di matatawarang halaga ng ama sa ating buhay, dahil sa pagiging haligi nila sa ating tahanan, at dahil sa pagiging maaasahan nila sa panahon ng bagabag, marapat lamang na mabatid natin ang iba't ibang anggulo ng kanilang pagkatao.Sila ang padre de pamilya- ang ating mga ama. Simulan natin ang bahaging ito sa pamamagitan ng paggawa mo sa susunod na gawain.

**Gawain 1: Pagsusuri ng Video**

I-klik ang link na http://www.youtube.com/watch%3Fv%3DnyFHqNf65U8. Panoorin ang video na nagpapakita ng nakaaantig-pusong wagas na pagmamahal ng ama sa kaniyang anak .Matapos panoorin, sagutin mo ang sumusunod na mga tanong.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1.Ano ang kapansanan ng ama?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2.Paano tinanggap ng anak ang amang may kapansanan?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3.Ano ang nagpapahirap sa kalagayan ng anak?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

4.Ano-ano ang mga paraan na ginagawa ng ama upang paghandaan ang kinabukasan
ng anak?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5.Ano ang sanhi ng pagtatampo ng anak?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

6.Makatuwiran bang magtampo ang anak sa kaniyang ama? Ipaliwanag.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

7.Paano ipinadama ng ama na wagas ang pagmamahal niya sa kaniyang anak?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

8.Aling bahagi ng *video* ang nakaantig sa iyong puso? Bakit ka naantig sa bahaging ito?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

9.Anong aral ang iyong napulot sa *video*?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Matapos mong isagawa ang sinundang gawain, iyong sagutan ang susunod na gawaing inihanda.

**Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago**
Sagutin ang IRF Sheet. Punan lamang ang unang hanay ng iyong sagot sa tanong.
Tandaan ang mga magiging tugon yamang maaaring mabago ang mga ito habang
Pinag-aarala ang paksa ng araling ito.

| **Ano-ano ang iyong paniniwala hinggil sa mga ama?** |
|---|
| **Unang Tugon ( Initial)** |
| Pagbabago sa Unang Tugon ( **R**evised) |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (**F**inal) |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Ang iyong naging tugon sa dalawang gawin ay tunay na nakatulong upang maihayag mo ang iyong saloobin hinggil sa paksang tuwirang nakaapekto sa iyong buhay, partikular na ang mga paksang sumasaklaw sa buhay ng ating mga ama.

Ngayon, ating linangin ang iyong kabatiran sa mundo ng mga ama na itinuturing nating haligi ng tahanan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang tunguhin mo sa bahaging ito ng modyul ay malinang ang iyong Kabatiran at pagpapahalaga sa akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya, partikular na ang isang kuwento mula sa Singapore.
Makikita mo rin ang koneksyon ng akdang ito sa iyong sariling buhay.

**Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan**

Alamin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita upang maunawaan nang husto ang kwentong *Ang Ama* mula sa Singapore. Ang kahulugan ay malalaman sa pamamagitan ng *mathematical code.* Ang bawat titik ay may katumbas na bilang. Hanapin mo lamang ang hinihinging bilang, pagsasamahin at makukuha na ang katumbas.

| | | | |
|---|---|---|---|
| A=1 | H=8 | O=15 | V=22 |
| B=2 | I=9 | P=16 | W=23 |
| C=3 | J=10 | Q=17 | X=24 |
| D=4 | K=11 | R=18 | Y=25 |
| E=5 | L=12 | S=19 | Z=26 |

**Halimbawa: Ang kasingkahulugan ng panibugho ay selos o inggit.**

**PANIBUG O = 19 + 5 + 12 + 15 + 19**

**S E L O S**

KASINGKAHULUGAN NG SALITA

**1. panaghoy**
16+1+7+8+9+8 +9+18+1+16 = ____________

**2. bulalas**
14+1+19+1 +2+9 = ____________

**3. kabalakyutan**
1[illegible]+1+19+1+ 13[illegible]1+1+14 = ____________

**4. pamumugto**
16+1+13+1+ 13+1+7+1 = ____________

**5. nagulumihanan**
14+1+7+21+12+21+8+1+14 = ____________

**6. pagkamuhi**
16+1+7+11+1+19+21+11+12+1+13 = ____________

**7. nasisante**
14+1+20+1+1 4+7+7+1+12 = ____________

**8. piging**
19+1+12+15 +19+1+12+1 5 = ____________

**9. aluin**
19+21+25+21+9+ 14 = ____________

**10. nagdadalamhati**
14+1+12+21+12+21+ 14+7+11+15+20 = ____________

Napagtanto mo ngayon na ang kahulugan ng mga salitang maaaring makasagabal sa iyong pag-unawa sa maikling kuwentong nagmula sa Singapore na pinamagatang *Ang Ama*, masasabi nating hand aka na upang basahin ang kabuuan ng nasabing teksto.

**Gawain 4: Pagkuha ng Detalye ng Kuwento**
I-klik ang link na
http://tl.answers.com/Q/Buod_ng_kwentong_ang_ama_ni_mauro_r_avena, at basahin ang kuwento mula sa Singapore na *Ang Ama* na isinalin ni Mauro R. Avena sa Filipino.
Matapos basahin ang kuwento, sagutin ang inihandang mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Paano sinimulan ng may-akda ang kuwento?
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________

2.Ano-anong mga katangian ng ama ang binigyang diin sa kuwento? Sa anong bahagi
o pangyayari lumitaw ang nasabing katangian?

| Katangian ng Ama | Pangyayaring Nagpapatunay |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

3.Paano pinatunayan ng ama na siya'y hindi likas na masama? Ipaliwanag.
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________

4.Paano winakasan ng may-akda ang kuwento? Bakit ganito ang naging pagwawakas
niya?
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________

______________________________________________________________

5.Aling bahagi ng kuwento ang nakaantig sa iyong kalooban at naikintal sa iyong isipan? Bakit ganito ang epekto sa iyo?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

6.Anong kultura ng mga Tsino ang masasalamin sa kuwentong ito?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

7.Paano naman ipinamamalas ng mga Pilipino ang pagmamahal nila sa kanilang mga
yumaong minamahal sa buhay?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

8.Ano-ano pa ang iyong nalalaman hinggil sa paraan ng paggunita ng mga taga-Asya
sa kanilang mga minamahal na namatay?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Tunay na ang sinundang gawain ang gumising sa iyong kamalayan na kapaki-pakinabang ang pag-aaral sa akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya yamang makikita rito ang ugnayan ng iyong sarilingbuhay-pamilya lalong-lalo na sa iyong ama.

Atin namang subukan ngayon kung gaano mo nauunawaan ang kuwentong *Ang Ama* sa bisa nang susunod na gawain.

**Gawain 5: Balangkas ng Kuwento**
Isulat sa bawat baitang ng hagdan ang tamang detalye batay sa mga elemento ng isang kuwento nang mabuong muli ang kuwentong *Ang Ama*.

A.




B.

Anong uri ng tahanan mayroon ang mag-anak sa kuwento? Lagyan ng tsek ang unang hanay na tumutugon sa tanong.

| | |
|---|---|
| | larawan ng kapayapaan |
| | nangingibabaw ang takot ng mga anak |
| | nakaririwasa sa buhay |
| | magulo |
| | Malulumbay |
| | may pagdadamayan ang bawat isa |
| | kapos sa pagmamahal |
| | ligtas sa anumang panganib |
| | Komplikado |
| | kakikitaan ng pagmamalasakit ang bawat miyembro |
| | larawan ng kawalang kasiguruhan |
| | masayahing mag-anak |

C. **Punan ang hinihinging impormasyon ng bawat kahon.**

**Unang Pangyayari**

**Damdamin ng mga Bata**

**Patunay**

**Ikalawang Pangyayari**

**Damdamin ng mga Bata**

**Patunay**

**Ikatlong Pangyayari**

**Damdamin ng mga Bata**

**Patunay**

**Ikaapat na Pangyayari**

**Damdamin ng mga Bata**

**Patunay**

**D.** **Paghambingin ang ama sa kuwento sa'yong sariling ama.**




May malalim ka ng pag-unawa sa kuwentong *Ang Ama*. Oras naman ngayon upang linangin mo ang iyong pag-unawa sa gramatika yamang sa paggawa nito ay higit na magiging mabilis ang pag-unawa sa anumang teksto. Narito ang susunod mong isasagawa.

**TANDAAN**

Ang *transitional devices* ay ginagamit sa pag-uugnay-ugnay ng mga pangungusap. Sa tulong ng mga ito, naiaayos ang mga pangyayari sa kuwento ayon sa tamang pagkasunod-sunod. Ang mga halimbawa ng *transitional devices* ay ang mga sumusunod: subalit, datapuwat, ngunit, samantala, saka, kaya, dahil sa, sa wakas, sa lahat ng ito, at kung gayon. Narito ang tiyak na gamit ng bawat isa:

1. **subalit** – ginagamit lamang kung ang **datapuwat** at **ngunit** ay ginamit na sa unahan ng pangungusap
   **Halimbawa**:
   a. **Datapuwat** mahirap lamang siya, marami naman siyang kaibigan.
   b. Di ka man niya madalas nakikita, **subalit** madalas naman niya itong naipadadama.
   c. Marami pa tayong dapat matutuhan, **ngunit** kapos ang ating oras.
2. **samantala, saka** – ginagamit na pantuwang
   **Halimbawa**:

   a. Siya ay maganda **saka** mabait **pa.**
   b. **Nakangiti ang lahat,** samantalang ikaw ay nakasimangot.
3. **kaya, dahil sa** – ginagamit na pananhi
   **Halimbawa**:
   a. Nagpamalas siya ng katapatan **kaya** siya ginantimpalaan.
   b. Wala siyang nakakaaway **dahil sa** kaniyang kapakumbabahan.
4. **sa wakas, sa lahat ng ito** – ginagamit na panapos
   **Halimbawa**:
   a. **Sa wakas**, nagbalik din ang alibughang anak.
   b. **Sa lahat ng ito**, napagtanto ng mga mag-aaral na kailangang pahalagahan ang edukasyon.
5. **kung gayon** – ginagamit na panlinaw
   **Halimbawa**:

Hindi madaling makamtan ang tagumpay, kung gayon kailangan nating magsikap sa lahat ng pagkakataon.

> Tandaan ang gamit ng bawat *transitional device* o mga pang-ugnay para sa higit na pag-unawa't pagkatuto.
>
> Sukatin natin ngayon kung gaano kalalim ang iyong natamong pag-unawa sa mga *transitional device* sa pamamagitan nang susunod na gawain.

**Gawain 6: Pagbuo ng Pangungusap**

Bumuo ng tig-isang pangungusap sa bawat *transitional devices* o pang-ugnay. Siguraduhing may kaalaman sa kuwentong *Ang Ama* ang mga pangungusap na bubuuin.

1.subalit- ______________________________________________________
______________________________________________________

2.datapwat-______________________________________________________
______________________________________________________

3.ngunit-______________________________________________________
______________________________________________________

4.samantala- ______________________________________________________
______________________________________________________

5.saka- ______________________________________________________
______________________________________________________

6.kaya-______________________________________________________

______________________________________________________________

7.dahil sa-________________________________________________________
______________________________________________________________

8.sa wakas-______________________________________________________
______________________________________________________________

9.sa lahat ng ito-
__________________________________________________________
______________________________________________________________

10. kung gayon-____________________________________________________
______________________________________________________________

Ikinagagalak ko ang kasanayang iyong natamo mula sa mga sinundang gawain. Higit na malalaman kung may nabago sa iyong dating pananaw hinggil sa mga ama, makabubuting ituloy mo ang paggawa sa susunod na gawain.

**Gawain 7: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)**
Balikan mong muli ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa ilalim ng PAGTUKLAS. Alin sa mga naging sagot mo sa bahaging I ng IRF ang ngangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinakailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot.

| **Ano-ano ang iyong paniniwala hinggil sa mga ama?** |
|---|
| Unang Tugon ( Initial) |
| **Pagbabago sa Unang Tugon ( Revised)**<br><br>**Dahilan/ mga dahilan** |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (**F**inal) |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**
Sa bahaging ito ng modyul, ang talakayan ay nakaangkla sa maikling kuwentong *Ang Ama* na hango sa Singapore, isang bansa sa Timog-Silangang Asya.*Umaasa akong iyong nadama ang koneksyon ng akdang pampanitikang ito sa iyong sariling buhay bilang isang anak na nagpapahalaga sa sariling ama.*

Sa kabilang banda, nalinang ba ang iyong kaalaman sa *transitional devices* o mga salitang ginagamit bilang pang-ugnay sa mga pangungusap?

Ngayon, handa ka na para sa susunod na bahagi ng modyul na ito.

## PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito ng modyul, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong isinagawa, *masasabi mo bang malaki ang naitulong ng akdang pampanitikan mula sa Timog-Silangang Asya upang higit mong madama ang halaga ng iyong sariling ama?*

Ngayon, pagkakataon nang palalimin mo pa ang iyong pagpapahalaga sa ating mga ama, gayundin ang malalimang pag-unawa sa mga salitang pang-ugnay sa pamamagitan ng sumusunod na mga gawain.

**Gawain 8: Pagsusuri ng Video**

I-klik ang sumusunod na link. Ilista ang mga kaalamang makakalap sa panonoring video.

***Link #1*** **http://www.youtube.com/watch?v=1BZmuz88KEY**

Ilista ang mga detalye tungkol sa nilalaman ng link na ito

Isa-isahin ang mga mabubuting katangian ng ama batay sa nakalap na impormasyon

***Link #2*** **http://www.youtube.com/watch?v=3OkZ7xMqdRQ**

Ilista ang mga detalye tungkol sa nilalaman ng link na ito

Isa-isahin ang mga mabubuting katangian ng ama batay sa nakalap na impormasyon

***Link #3*** **http://www.youtube.com/watch?v=3S9ur0x-z7U**

Ilista ang mga detalye tungkol sa nilalaman ng link na ito

Isa-isahin ang mga mabubuting katangian ng ama batay sa nakalap na impormasyon

***Link #4*** **http://www.youtube.com/watch?v=D3r-Y0Lzyxg**

Ilista ang mga detalye tungkol sa nilalaman ng link na ito

Isa-isahin ang mga mabubuting katangian ng ama batay sa nakalap na impormasyon

**PAGLALAHAT:** **Mula sa mga video na aking napanood, napagtanto kong ang mga ama ay __________________________________________**

________________________________________________________

________________________________________________________

**Kaya mula ngayon, ____________________________________________**

________________________________________________________

________________________________________________________

**Gawain 9: Paggawa ng *Story Collage* gamit ang *Glogster***

Gamit ang site na www.glogster.com maghanap ng iba't ibang mukha ng pagmamahal, sakripisyo't pagpapakasakit na ipinamamalas ng ating mga ama. Puntahan lamang ang *site* ng *glogster* at doo'y magagawa mo ang hinihiling ng gawaing ito. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Nahirapan ka ba sa paghahanap ng mga larawang nagpapakita ng pagmamahal,
sakripisyo't pagpapakasakit na ipinamamalas ng ating mga ama? Bakit oo/hindi?

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

2.Hindi ba pagmamalabis o hindi makatotohanan ang iyong mga nakuhang larawan?
Patunayan.

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

3.Alin sa mga larawang isinama mo ang iyo/inyo ring naranasan mismo sa'yong sariling
ama?

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

**4.Ano ang epekto sa'yo ng gawaing ito? Bakit mo ito nasabi?**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5.Sa iyong simpleng paraan, paano mo masusuklihan ang samo't saring pagpapakasakit
at pagmamahal ng iyong sariling ama?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Ano ang iyong nadama pagkatapos mong isagawa ang sinundang gawain? Higit bang lumalim ang iyong pagpapahalaga sa mga ama, lalong-lalo na sa iyong sariling ama? Kung gayon, binabati kita.

Makatuwiran ngayong isagawa mo ang susunod na gawain.

**Gawain10: Paggawa ng Liham-Pasasalamat**

Sariwain mo sa'yong isipan ang lahat ng kabutihang nagawa sa'yo ng iyong sariling ama mula nang ika'y magkamalay. Ilahad mo ang lahat ng ito sa iyong gagawing sulat. Huwag mag-alinlangan sa iyong gagawin yamang isa itong gawaing nagpapakita ng pagtanaw ng utang na loob sa isang nag-aruga't patuloy na nagmamahal sa'yo nang walang kapalit.

Ano ang iyong naramdaman pagkatapos mong isagawa ang liham-pasasalamat? Hindi ba lumalim nang husto ang pagpapahalaga mo sa lahat ng ama lalong-lalo na sa iyong sariling ama?

Ngayon naman, ating palalimin ang iyong natutuhan sa mga *transitional device* o mga salitang pang-ugnay sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**Gawain 11: Malalimang Pag-unawa sa Transitional Devices**
Punan ng angkop na *transitional device* ang bawat patlang nang mabuo ang mga pangyayari ng kuwento.

## *Bukang-liwayway*

(bahagi ng kuwentong nilikha ni Dem Custodio Jr., halaw sa sariling karanasan)

"Anak, lakasan mo ang iyong loob, kaya mo 'yan!" wika ng ina ni Jun habang patuloy ang pag-agos ng kaniyang mga luha. Limang araw na si Jun sa pagamutan ___________ walang nagigitang pagbabago sa kaniyang kalagayan. __________ naisipan ng kaniyang mga magulang na siya'y ilipat ng pagamutan. _______________ naging mabuti ang lagay ni Jun sa pinaglipatang pagamutan.

Mahirap lamang ang buhay-pamilya nina Jun ___________ kahit sa murang edad ay natuto na siyang magbanat ng buto. ________________ kakulangan ng pinansiyal na suporta mula sa ama't ina, __________ naisipan niyang gawin ang samo't saring gawain para lamang kumita at may mabaon sa eskuwela. Nariyan ang pagbebenta ng katuray at ng iba pang bungangkahoy ________ pagbebenta ng pandesal pagsapit ng madaling-araw.

Ang pinakamasaklap sa lahat ay ang pagkuha ng mga tuyong dumi ng mga hayop, tutunawin sa tubig at ididilig sa mga punong mangga ng isang Amerikanong nakatira malapit sa kanilang bahay. Abala sa paglalaro ang karamihang bata ______________ si Jun ay abala sa paggawa sa nasabing trabaho nang kumita ng kaunting salapi. _________________ madalas na paggawa ni Jun sa pinagagawa ng mayamang Amerikano, dinapuan siya ng sakit, ang *amoebiasis.*

Noong una, akala nila'y simpleng lagnat lamang ____________ makalipas ang ilang araw ay nanatiling mataas ang lagnat ni Jun. __________ minabuting itakbo sa pinakamalapit na pagamutan hanggang sa nangyari ang nasa unang talata.

___________________, napagtanto ng mga magulang ni Jun na delikado ang kaniyang trabaho ____________ minabuting pahintuin siya sa paggawa nito. Ayaw

nang maulit pa ang nangyari, ____________________ kailangang maghanap si Jun ng panibagong mapagkikitaan bilang paraan ng pagtulong sa kaniyang mga magulang.

Ngayon, ______________ ay hindi na nanumbalik pa ang naging sakit ni Jun kaya muli siyang nakatutulong sa paghahanapbuhay nang makaraos sa araw-araw.

**PAGLALAHAT:** Natutuhan ko na ang mga *transitional device* ay ginagamit sa ____________________________________________________________________. Sa pamamagitan nito, ______________________________________________________ ______________________________________________________________________.
Ang ilang transitional devices na karaniwang ginagamit sa Filipino ay ang mga sumusunod: ____________, ____________, __________, ____________, __________, ______________, _____________, _____________, ____________, ______________.

Malapit mo nang matapos ang unang aralin ng modyul na ito. Binabati kita sa mga kasanayang iyo nang natamo. May nabago ba sa iyong dating pananaw hinggil sa ating paksa? Ating alamin sa tulong ng susunod na gawain.

**Gawain 12: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)**
Nakabubuting balikan mo ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa bahaging PAGTUKLAS at PAGLINANG. Ngayon, iyong punan ang huling hanay ng IRF.

| **Ano-ano ang iyong paniniwala hinggil sa mga ama?** |
|---|
| Unang Tugon ( Initial) |
| Pagbabago sa Unang Tugon ( Revised)<br><br>Dahilan/ mga dahilan |
| **Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final)** |

Ngayon, may malawak ka ng pag-unawa sa paksa ng araling ito. Hindi maipagkakailang nabatid mo ang kaugnayan sa'yong buhay ng akdang pampanitikang pinag-aralan mula sa Timog-Silangang Asya.

Subukan mong paglimiing muli ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**Gawain 13: Pagsasagawa ng 3-2-1 Tsart**
Punan ang hinihiling ng bawat kahon.

3 Mahahalagang Kaisipang Natutuhan Kaugnay ng Akdang Pampanitikan ng Timog-Silangang Asya

2 Pagbabagong Natuklasan Kaugnay ng Akdang Pampanitikan ng Timog-Silangang Asya

1 Tanong na nais pang mabigyang-linaw

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Damang-dama kong napalalim na ang iyong pagpapahalaga sa mga ama lalong-lalo na sa iyong sariling ama. Ang mga isinagawang gawain at naging lunsarang akdang pampanitikan mula sa Timog-Silangang Asya na maikling kuwentong *"Ang Ama"* mula sa Singapore.

Sa kabilang banda, napalalim na rin ang iyong pag-unawa't pagkatuto sa mga *transitional device* o mga salitang nag-uugnay sa mga pangungusap. Binabati kita sa puntong ito. Ngayon, handa mo nang gawin ang huling bahagi ng araling ito.

## PAGLILIPAT

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Layunin ng bahaging ito ng modyul na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng iyong proyekto.

Isaalang-alang na sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang makahikayat sa'yong pagsasagawa ng isang *book fair*. Makatutulong kung ganoon ang susunod na gawain.

**Gawain 14: Pagsusuri ng Isang Fair**

Suriin ang halimbawa ng isang *fair,* ang *program o event proposal fair* batay sa mga sumusunod: detalyeng nakapaloob, pormat ng pagkakalahad ng mga detalye, kaugnayan sa tema ng *fair*, at praktikalidad ng *event fair* sa komunidad.

I. Mga Detalyeng Nakapaloob
  A. Pangalan ng *Fair*
  B. Layunin ng *Fair*
  C. Petsa at Lugar ng Fair
  D. Mga Makikinabang sa *Fair*
  E. Mga Mangangasiwa ng *Fair*
  F. Mga Panggagalingan ng Suporta

G. Halaga ng Guguguling salapi (Optional)

II. Pormat ng Pagkakalahad ng mga Detalye

A. Detalyado (tumutugon sa Ano, Sino, Paano, Bakit, Saan, at iba pang mahahalagang detalye)

III. Kaugnayan ng Mga Detalye sa Tema ng *Fair*

A. Patungkol lahat sa *Fair*

IV. Praktikalidad ng *Event Fair* sa Komunidad

A. Ilahad ang lahat ng kabutihang maidudulot ng *Fair* sa buhay ng mga mamamayan, maliwanag sana sa kanila ang dahilan kung bakit nila ito kailangang tangkilikin

- Makatutulong ang halimbawa ng *Event Fair* sa ibaba (ang halimbawang ito ay likha lamang ng manunulat batay sa kaniyang obserbasyon)






**Petsa:** → **Mayo 26-31, 2014**

**Lugar:** → **People's Park Lungsod ng Baguio**

**Mga Mangangasiwa sa *Fair***

- Pangungunahan ng ilang opisyal ng bayan, at ng mga opisyal mula sa iba't ibang barangay.

**Mga Panggagalingan ng Suporta**

- Mula sa mga opisyal ng bayan, at ng mga opisyal mula sa iba't ibang barangay. Sa pakikiisa na rin ng ilang pribadong sektor.

- **Halaga ng Gugugulin Salapi (Opsyunal):**

Bilang pagbibigay-diin, ang iyong sinuring halimbawang *event fair* ay tutulong upang maisakatuparan mo nang mahusay ang iyong magiging proyekto sa pagtatapos ng modyul na ito. Ang makapanghikayat sa isang pagtatanghal ng *book fair* hinggil sa mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya ang gagawin mong inaasahang pagganap. Kaya, itanim sa'yong isipan ang bawat detalyeng iyong nakalap.

Sa puntong ito, binabati kita dahil naging matagumpay ang ginawa mong paglalakbay sa mundo ng maikling kuwento. Ngayon, handa ka na sa mundo ng nobela mula pa rin sa Timog-Silangang Asya, sa Indonesia.

## PAGTUKLAS

Handa mo bang pagbayaran ang pagkakasalang di mo naman sinasadyang ginawa? Ano ang kahalagahan ng pagpapatawad sa sinumang di ninais makagawa ng kapahamakan? Sa kabilang banda, ano ang iyong gagawin kung ikaw at ng iyong pamilya ay biktima ng matinding kahirapan?

Simulan natin ang bahaging ito ng modyul sa pamamagitan ng paggawa mo sa susunod na gawain.

**Gawain 1: Pagtugon sa Mapanghamong mga Tanong**
Batay sa mga nabanggit na mga tanong sa itaas, anong matalinong pasya ang iyong isasagawa? Isulat sa nakalaang patlang ang idinidikta ng iyong puso't isipan.

**Handa mo bang pagbayaran ang pagkakasalang di mo naman sinasadyang ginawa? Pangatuwiranan.**

________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________

**Ano ang kahalagahan ng pagpapatawad sa sinumang di ninais makagawa ng kapahamakan?**

________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________

**Ano ang iyong gagawin kung ikaw at ng iyong pamilya ay biktima ng matinding kahirapan?**

________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________

**Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago**
Nasa ibaba ang halimbawa ng *IRF Sheet.* Punan ang unang hanay ng iyong sagot sa dalawang katanungan.

***Paano dapat pinakikitunguhan ng mga taong ubod ng yamam ang mga mahihirap na di sinasadyang makagawa ng kapahamakan sa kanila?***

| |
|---|
| **Unang Tugon (Initial)** |
| Pagbabago sa Unang Tugon (**R**evised) |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (**F**inal) |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Ang iyong naging tugon sa dalawang gawain ay marahil nakabatay sa iyong obserbasyon o mismong karanasan sa buhay. Tandaan ang mga naging tugon sapagkat maaaring mabago ang mga ito pagkatapos mapag-aralan ang isang akdang pampanitikan mula sa Timog-Silangang Asya.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ating linangin ngayon ang iyong kabatiran hinggil sa mga pagkakasalang nagawa na di naman sinasadya. Kasabay nito, ilalantad ng tekstong babasahin ang agwat ng mga mayayaman at mahihirap na tao sa lipunan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

Ang tunguhin mo sa bahaging ito ng modyul ay malinang ang iyong kabatiran at pagpapahalaga sa akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya, partikular na ang isang nobela mula sa Indonesia. Makikita mo rin sana ang koneksyon ng akdang ito sa'yong sariling buhay bilang isang Asyano at sa lipunang Pilipino.



Basahin ang bahagi ng nobela mula sa Indonesia na Takipsilim sa Djakarta. Isinalin sa Filipino ni Aurora E. Batnag. Basahin ang akda at sagutin ang mga inihandang tanong.

**Pagbasa 1**

***Takipsilim sa Djakarta***

ni Mochar Lubis
(Indonesia)
(Salin sa Filipino ni Aurora E. Batnag)

Sa harap ng restawran, maraming nakaparadang bagong kotse sa bangketa. Nang dapit-hapong iyon, punumpuno ang restawran. Dumating ang isang *cadillac* na pulampula ang kulay, naghahanap ng mapaparadahan. Ngunit okupado na ang mga paradahan sa bangketa, kaya sa wakas, pumarada ito na ang dalawang gulong sa kaliwa ay nakasampa sa aspaltong gilid ng kalsada.

Si Raden Kaslan ang nagmamaneho, kasama ang kaniyang asawa, si Fatima. Kung pagmamasadan ang *cadillac*, ang magarang damit ni Fatima, ang kaniyang kulay-gintong step-in, ang buhok na kaaayos sa parlor, makikita ang yaman at luho ng dalawa. Pati na rin ang pagkakangiti ni Fatma kay Raden Kasalan.

Sa maaliwalas na dapit-hapong iyon, sina Raden at Fatima na kakikitaan ng yaman at rangya ay bumaba sa kanilang magarang kotse na kumikinang sa sikat ng papalubog na araw na nakaparada na bahagyang nakaharang sa lansangan.

Naupo sila sa hardin, sa harap ng restawran, sa isang mesang nakahiwalay sa karamihan, at nang makaupo na ay nag-usap tungkol sa mga mamahalin at maluluhong bagay.

Mula sa *loud speaker* sa likod ng *bar* ng restawran, may maririnig na masiglang musika; sa mga mesa, kumakain ang mga tao, umiinom, nag-uusap, at naghahalakhakan.

Umorder ng pagkain si Raden Kaslan at ni hindi muna tumingin sa presyong nakalista sa menu at sa tapat ng pangalan ng mga putahe at inumin; pagkaraan, binalikan nito ang usapan tungkol sa mamahalin at maluhong mga ideya, na tinugon ni Fatma ng maluhong ngiti.

Kaaya-aya ang dapit-hapong iyon, maaliwalas ang kapaligiran. Matatanaw ang dumudilim ng asul na langit at malalanghap ang sariwang hangin.

Isang lumang kalesa na walang sakay at hila ng isang payat na kabayo ang dumaan sa harap ng restawran, sakay ang natutulog na kutsero, si Pak Idjo. Maraming taon nang nasanay ang kabayo sa paghila sa kalesa sa malaking syudad, kahit tulog ang kutsero, na madalas mangyari kung mainit ang sikat ng

araw – at sa araw na ito, wala pang pasahero si Pak Idjo buong maghapon, hanggang sa makatulog na siya sa gutom. Patuloy na hinihila ng kabayo ang kalesa kahit tulog ang kutsero, at kusang humihinto kapag may pumaparang pasahero, at nagigising ang kutsero sa biglang paghinto. O kaya, kapag pinatigil ng pulis-trapiko ang mga sasakyan, titigil din ang matandang kabayo, na nakadikit na halos ang busal sa gilid ng katabing kotse o trak.

Sa ganitong paraan hinila ng kabayo ang kalesang namamasyal sa lansangan sa maaliwalas na dapit-hapong iyon. Mula sa bakod ng bahay sa kabila ng restawran, isang malaking asong nanghahabol ng pusa ang biglang tumalon habang malakas na tumatahol. Nagulat ang kabayo, umalma sa aso't pusa, at biglang nadapa. Tumapat sa punag *cadillac* ang kaliwang poste ng kalesa at ang dulo ng poste na gawa sa pinaitim
na tanso ay sumira sa *chromium* at pintura, samantalang ang nakausling bakal sa bubungan ng kalesa ay tumama sa bintana kaya nabasag ang salamin.

Naalimpungatan ang natutulog na si Pak Idjo. Bumaba siya at tinulungang makatayo ang matandang kabayo, at pagkaraa'y tumayo na lamang doon, nakatanga habang hinihimas ang tuhod at ulo ng kabayo.

Nagulat sa ingay ng banggaan ang mga kumakain at nag-iinuman at nagtatawanan sa restawran. Biglang tumayo si Raden Kaslan at dali-daling sumugod sa kalye. Galit na galit siya nang makita ang nasirang *chromium* at pintura ng kaniyang kotse, at ang nabasag na salamin.

"Hoy, tanga! Wala ka bang mata? Tingnan mo, winasak mo'ng kotse ko, aaminin mo o hindi? Babayaran mo ito!" Sigaw ni Raden Kaslan na galit na galit.

Namumutla, nangangatog ang buong katawan, at nanginginig ang boses, si Pak Idjo ay walang iniwan sa isang taong inaatake ng malaria. Ang totoo'y may sakit nga siyang talaga. Parang nakasabit na lamang ang tagpi-tagpi at maruming damit sa napakanipis niyang katawan, at nakalubog sa humpak niyang mga pisngi ang kaniyang namumula at naguluhang mata.

Magsasalita na sana siya, pero lumabas sa kaniyang nangangatog na mga labi ang boses niyang nanginginig sa takot at sa pagdurusa. Patuloy lamang ang mga kamay niya sa paghimas sa ulo ng kabayo.

Galit na galit na pinagmasadan siya ni Raden Kaslan bago ito nagbaling ng tingin kay Fatima, na mamahalin at marangya ang ayos, saka tuminging muli sa nawasak na kotse, at lalo pang tumindi ang kaniyang galit.

"Ipapupulis kita! Idedemanda kita! Babayaran mong lahat ang nawasak na ito. Tingnan mo!" – at padarag na itinuro ang *chromium* sa pinto ng kotse – "at ito" – sabay turo sa bahaging nabakbak ang pintura – "at ito pa" – at sinipa ang isang pirasong basag na salamin. "Babayaran mong lahat ito, di kukulangin sa isa, dalawang libong rupiah," inangilan ni Raden Kaslan si Pak Idjo, na halos himatayin

nang marinig ang isa-dalawang libong rupiah, pero saglit lamang at nagkaboses din ito. Paiyak itong nagsabing:“Alam ko pong ako’ng me kasalanan, Tuan, pero patayin n’yo man ako, wala akong ibabayad. Pobre po ako. Mabuti pa ngang patayin n’yo na lang ako!” at patuloy ang kamay niya sa paghimas sa ulo ng kaniyang matandang kabayo.

Dinilaan ng kabayo ang kamay ni Pak Idjo, parang humingi ng tawad sa kaniyang pagkakasala. Nang marinig ang sinabi ni Pak Idjo, lalong nagalit si Raden Kaslan. Tumalikod itong walang kibo saka bumalik sa restawran at doon tumelepono sa pulis-trapiko.

Maraming nag-uusyoso sa kalye; patuloy si pak Idjo sa paghimas sa ulo ng kabayo; at nang bumalik si Raden Kaslan, sinabi nito, “Huwag kang tatakas. Tumawag ako ng pulis.” Siya, kasama ang kaniyang kabayo, ay libong beses na namatay at hunarap na sa lahat ng apoy sa impyerno, hanggang sa dumating ang mga pulis sakay ng kanilang umaangil na motorsiklo, tulad ng tunog ng mga baril na pumapatay.

Nang sandaling iyon, nagbalik sa isip ng matanda ang kaniyang nayon, ang tunog ng baril at ang lumulusob na mga tulisan na siyang dahilang kung bakit napilitan silang tumakas at magkanlong sa syudad.

Samantala, bumalik na sa kani-kanilang mesa ang mga parokyano ng restawran, at itinuloy nila ang kainan, inuman at tawanan. Pang-araw-araw lamang na pangyayari ang banggaan. Pagdating ng mga pulis, bahala na ang mga itong mag-aayos ng gulo.

Sinalubong ni Raden Kaslan ang mga pulis, nagpakilala siya sabay turo sa kutsero, at nagsabing, “Siya, siya ang may kasalanan. Sa gilid nakaparada ang kotse ko, at ang kalahati nga ay nasa bangketa na, pero binangga pa rin niya.”

Daang ulit nang nakapag-ayos ng banggaan ang bata pang pulis, pang-araw-araw na lamang sa kaniya ang ganitong pangyayari, na madali namang ayusin. Maliwanag naman kung sino ang may kasalanan.

“Dapat akong bayaran,” ulit ni Raden Kaslan.

Nang marinig ito, biglang nagsalita si Pak Idjo, sabay iyak, “Patayin n’yo na lang ako, Tuan,” sabi nitong nakayuko sa harap ng pulis at magkasalikop ang kamay, “Mahirap lang ako, wala akong ibabayad.”

“Inaamin n’yo bang kasalanan n’yo, Bapak?”

“Inaaamin ko, Tuan. Patayin n’yo na lang ako, Tuan. Wala akong ibabayad. Mahirap lang ako.”

"Bakit mo binangga ang kotse kong nakaparada sa gilid ng kalye?" galit na galit na sabi ni Raden Kaslan.

"Nakatulog po ako, Tuan," nanginginig na tugon ng kutsero.
"Nakatulog! Ano'ng klase kang kutsero? Nakatulog!"
Nakaiinis talaga ang sagot ni Pak Idjo.

"Kung gusto mong matulog, sa bahay ka matulog, huwag sa kalsada, at kung makaaksidente ka? Bakit ka natulog?" ang kaniyang angil.

"Me sakit po ako, Tuan," tugon ni Pak Idjo na lalo pang nanginig.
"Ha!" pang-uyam ni Raden Kaslan. 'nakatulog, may sakit. May sakit ka pala, bakit lumabas ka pa? Sa bahay ka na lang sana! Uminom ka ng gamot! Makaaksidente ka pa! Pa'no kung makasagasa ka ng munting bata at makapatay, aber?"

Lalong nanginig si pak Idjo. Sinabi niya, "Pero nagugutom ako, Tuan, at ang aking asawa at mga anak ay nagugutom, Tuan. Kahapon pa kami hindi kumakain, Tuan."
Saglit na nawalan ng kibo si Raden Kaslan, bago sumigaw, "Sinungaling! Ano'ng sakit mo?"

Umiiyak at nanginig na binuksan ni Pak Idjo ang kaniyang damit at ipinakita ang kaniyang likod.

"Hayan, Tuan, tingnan n'yo," at itinuro ang mga pigsa na sinlaki ng kamao, mapupula at namamaga; pagkaraan, itinaas niya ang kaniyang sarong at ipinakita ang isang malaking pigsa sa hita. Mapula at namamaga ang buong hita – nakakikilabot tingnan.

Parang naubos ang lahat ng lakas ng matanda pagkaraan nito. Nanginginig ang bawat himaymay ng kaniyang katawan, nangatog at kaniyang mga ngipin at patuloy ang pagtulo ng kaniyang mga luha.

Nagpalipat-lipat ang tingin ng pulis sa kaniya, kay Raden Kaslan, at kay Fatima, na mukhang napakarangya. Binalingan ni Raden Kaslan ang pulis, itinaas ang isang kamay at nagsalitang parang mawawalan ng bait.

"Ano'ng gagawin mo sa ganitong kaso, inspector? Sino'ng magbabayad sa akin? Sino'ng may kasalanan? Sino'ng may kasalanan?" ulit niya.

Patuloy na nanginginig at giniginaw si Pak Idjo. Patuloy niyang hinihimas-himas ang ulo ng kaniyang matanda at payat na kabayo, at habang hinihintay ang sagot sa tanong ni Raden Kaslan, parang pahaba nang pahaba ang anino ng kutsero at ng kaniyang kabayo at ang kabayo ay namatay at muling nabuhay ng daan-daang beses.

Muling minura ni Raden Kaslan si Pak Idjo hanggang sa maisip niya sa wakas na imposible talagang mabayaran siya ng matanda at pobreng kutserong ito.

“Hayaan n’yo na nga,” sabi ni Raden Kaslan sa pulis, “Tena.”

Inakbayan niya si Fatima pabalik sa restawran. Tuluyan nang nasira ang kasiyahan niyan nang gabing iyon.

“Ang buwisit na ‘yon,” bulong ni Raden Kaslan, “Bagong-bago ang kotse. Kabibili lang.”

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano-anong paglalarawan ang iyong maibibigay sa mag-asawang Raden Kaslan at Fatima?

____________________________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________________________

2.Ano ang gagawin ng mag-asawa sa lugar na iyon? Magbigay ng mga patunay.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Ano ang katayuan sa buhay ni Pak Idjo?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Ano ang madalas gawin ni Pak Idjo habang sakay sa kaniyang kalesa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.Anong nangyari sa napakagarang sasakyan ni Raden Kaslan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6.Paano pinakitunguhan ni Raden Kaslan si Pak Idjo sa pagkakataong ito?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7.Bakit kagyat na inamin ni Pak Idjo ang kasalanang nagawa?

______________________________________________
______________________________________________

8.Paano binigyang-kalutasan ng pulis ang pangyayari?

**9.Anong damdamin ang namayani sa'yo pagkatapos mabasa ang nobela?**

**10.Nadama mo ba ang iyong koneksyon sa mga pangyayari bilang isang Asyano?**
**Patunayan.**

**11.Ano-ano ang mga kalagayan sa Indonesia batay sa nobela ang makikita sa**
**kasalukuyang lipunang Pilipino? Ipaliwanag.**

Tunay na ang sinundang gawain ang napagtibay ng kaalamang kapaki-pakinabang sa pag-aaral ng akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya, partikular na sa Indonesia yamang makikita rito ang kaugnayan sa'yong sarili mismo at maging sa lipunang Pilipino.

Ngayon naman, mula sa binasang kabanata ng nobela, linangin mo pa ang iyong pag-unawa sa nobela sa pamamagitan ng pagsasagawa mo sa susunod na gawain.

**Gawain 3: Pag-unawa sa Banghay ng Nobela**
Sagutin mo ang iba't ibang gawing susukat sa antas ng iyong pag-unawa sa nobelang *Takipsilim sa Djakarta.*

A. Isulat sa nakalaang patlang ang titik:

A – kapag ang unang pahayag ay tama samantalang mali ang ikalawa
B – kapag ang ikalawang pahayag ay tama samantalang mali ang una
C – kung ang dalawang pahayag ay tama
D – kung ang dalawang pahayag ay mali

____ 1. Naganap ang pangyayari sa harap ng isang kilalang pagamutan.
Dapithapon nang maganap ang isang aksidente.

____ 2. Ubod ng yaman ang mag-asawang Raden at Fatima.
Kaaya-aya at maaliwalas ang kapaligiran nang hapong iyon.

____ 3. Pumarada ang pulang-pulang *cadillac* na ang dalawang gulong sa kanan ay nakasampa sa aspaltong gilid ng kalsada.
Naupo ang magkasintahan sa sa garap ng hardin ng pagamutan.

____ 4. Isang lumang kalesa na walang sakay ang dumaan sa harap ng restawran.
Nakatutulog lamang ang kutsero sa tuwing pinatitigil nang matagal ng pulis-trapiko.

____ 5. Nagulat ang kabayo sa biglang pagtawid ng isang bata kaya ito nadapa.
Nang madapa ang kabayo, tumama ang kalesa sa napakagarang *cadillac.*

____ 6. Minura ni Raden si Pak Idjo nang makitang nasira ang kaniyang mamahaling *cadillac.*
Binalewala lamang ni Pak Idjo ang nangyari sapagkat di naman niya ito sinasadya.

____ 7. Hinuli ng pulis sa Pak Idjo at dinala sa himpilan ng pulisya upang doon magpaliwanag kasama si Raden.
Handang pagbayaran ni Pak Idjo ang kasalanang nagawa subalit wala siyang kakayahang gawin ito.

____ 8. Ayon kay Pak Idjo, maysakit siya kaya nangyari ang aksidente.
Dahil sagalit, minura din ni Fatima si Pak Idjo.

____ 9. Dahil sa kaguluhang nangyari, nagunita ni Pak Idjo ang kaniyang nayon.
Naalala ni Pak Idyo ang mga tulisan na naging dahilan ng pagtatago niya sa lungsod.

____ 10. Di naglaon, kinampihan din ng mga pulis si Pak Idjo.
Walang nagawa ang mag-asawang Raden at Fatima kundi tanggapin ang pangyayari.

**B.** Ayusin ang mga pangyayari ayon sa tamang pagkasunod-sunod sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang sa patlang. Bilang 1 para sa unang pangyayari hanggang sa bilang 5 para sa huling pangyayari.

1. _________Nadapa ang kabayo.
_________ Biglang tumalon ang aso at malakas na tumahol.
_________ Tumama ang nakausling bakal sa bunganga ng kalesa sa bintana ng sasakyan kaya ito nabasag.
_________ Nagulat nang husto ang kabayo.
_________ Ang poste ng kalesa ay tumama sa pulang *cadillac* kaya nasira ang pintura nito.

2. _________Nagulat si Raden Kaslan at Fatima sa ingay ng banggaan.
_________ Sumugod si Raden Kaslan sa kalye.
_________ Sinigawan ni Raden Kaslan si Pak Idjo.
_________ Nang makitang nasira ang pintura ng kaniyang *cadillac,* galit na galit si Raden Kaslan.
_________ Biglang tumayo si Raden Kaslan.

Sa tulong nang sinundang gawain, iyong napatunayang taglay mo na nga ang pag-unawa sa banghay ng nobela. Ngayon naman, mapatutunayan mong kilala mo ang mga pangunahing tauhan sa pamamagitan ng susunod na.

**Gawain 4: Pagkilala sa mga Pangunahing Tauhan**
Palutangin ang mga ***katangian*** ng mga pangunahing tauhan sa binasang akda yamang malaki ang kanilang papel na ginampanan sa daloy ng mga pangyayari. Gayundin, isulat ang mga ***detalyeng magpapatibay*** sa mga babanggiting katangian.







Mahusay! Nagawa mo nang matagumpay ang mga sinundang gawain. Dumako naman tayo sa paglinang ng iyong pag-unawa sa gramatika. Narito ang gawaing nakalaan para sa'yo.

**TANDAAN**

*Pag-unawa sa Pang-abay na Pamanahon*

Linangin ang iyong kaalaman sa mga salitang nagbibigay turing sa pandiwa, pang-uri, o kapwa pang-abay, partikular na ang *pang-abay na pamanahon*. Narito ang impormasyong iyong kinakailangan.

**PANG-ABAY NA PAMANAHON**

- Uri ng pang-abay na nagsasaad kung kailan ginanap, o gaganapin ang kilos na isinasaad ng pandiwa sa pangungusap.

Mga Halimbawa: kahapon, kanina, bukas, sa susunod na buwan, tuwing Martes, at maraming pang iba

Alam kong di ka nahirapang umunawa sa kahulugan ng pang-abay pamanahon dahil sa kasimplehan nito. Tiyak na di ka rin mahihirapan sa pagsasagawa sa susunod na gawain.

**Gawain 5: Pagbuo ng mga Pangungusap**

Sa loob ng kahon, bumuo ng tigtatlong pangungusap hinggil sa salitang "kasalanan" at "pagpapatawad". Bilugan ang lahat ng salitang nagsasaad ng pang-abay na pamanahon.

KASALANAN

PAGPAPATAWAD

Ikinagagalak ko ang kasanayang iyong natamo mula sa sinundang mga gawain.

Kung may nabago sa iyong dating pananaw hinggil sa salitang pagbibigay kapatawaran sa mga nagawang kasalanan nang di sinasadya, nakabubuting ituloy mo ang paggawa sa susunod na gawain.

**Gawain 6: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)**
Balikan mo ang Mapa ng Konsepto ng Pagbabago na iyong nasimulan sa bahaging PAGTUKLAS. Alin sa mga naging sagot mo sa bahaging Iang ng **IRF** ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot.

***Paano dapat pinakikitunguhan ng mga taong ubod ng yamam ang mga mahihirap na di sinasadyang makagawa ng kapahamakan sa kanila?***

| |
|---|
| Unang Tugon (Initial) |
| **Pagbabago sa Unang Tugon (Revised)**<br><br>**Dahilan/Mga dahilan:** |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final) |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Umaasa akong iyong nadama ang kaugnayan ng *akdang Takipsilim*

*Djakarta* sa iyong sariling buhay bilang siang Asyano na nagpapahalaga sa
kawalan *ng diskriminasyon sa pagitan ng mayaman at mahirap.*

Nalinang din ang iyong kaalaman sa pang-abay na pamanahon. Higit na mapapalalim ang iyong pag-unawa sa susunod na bahagi ng modyul.

## PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong isinagawa, *masasabi mo bang malaki ang naitulong ng akdang pampanitikan mula sa Timog-Silangang Asya, partikular na sa bahagi ng nobelang Takipsilim sa Djakarta mula sa Indonesia upang higit mapagtanto ang kahalagahan ng pagpapatawad at kawalan ng diskriminasyon sa pagitan ng mayayaman at mahihirap?*

Pagkakataon mon a ngayon na palalimin mo pa ang iyong pagpapahalaga sa kahalagahan ng pagpapatawad at kawalan ng diskriminasyon sa pagitan ng mayayaman at mahihirap, gayundin ang malalimang pag-unawa sa pang-abay na pamanahon sa pamamagitan ng sumusunod na mga gawain.

**Gawain 7: Pagpuno ng Tsart na Pagtutulad at Pagkakaiba**

Isagawa ang makabuluhang paghahambing nang higit na makita't madama ang koneksyon mo at nang lipunang Pilipino sa nobelang "*Takipsilim sa Djakarta".* Muling sariwain sa'yong isipan ang mga pangyayari sa kwentong *"Ang Ama"* ng Singapore at ihambing ito sa *"Takipsilim sa Djakarta",* at sa Pilipinas na ating bansa.




Totoon malaki ang kaugnayan ng nobelang tinalakay sa kasalukuyang lagay ng lipunang Pilipino.Damang-dama mo ang iyong kaugnayan dito yamang ikaw, tayo ay tuwirang apektado.

Ipagpatuloy pa ang pagpapalalim sa iyong pag-unawa't pagpapahalaga sa tulong nang susunod na gawain.

**Gawain 8: Pagsusuri sa mga Video**
Isang hamon ang magpatawad. Paano nga ba ito mapadadali? Panoorin mo ang sumusunod na mga video at isagawa ang hinihiling ng bawat bahagi.

.

**Link #1** http://www.youtube.com/watch?v=iv50xrsFNdU

Mga mensahe ng link na ito hinggil sa salitang "pagpapatawad"

.

**Link #2** http://www.youtube.com/watch?v=t3bN1BvOT-4

Mga mensahe ng link na ito hinggil sa salitang "pagpapatawad"

.

**Link #3** http://www.youtube.com/watch?v=Jb00enz-JM0

Mga mensahe ng link na ito hinggil sa salitang "pagpapatawad"

***Link #4*** **http://www.youtube.com/watch?v=Jb00enz-JM**

.

Mga mensahe ng link na ito hinggil sa salitang "pagpapatawad"

**PAGLALAHAT:** Nang dahil sa apat na link na aking pinuntahan, naikintal sa aking puso't isipan na ang pagpapatawad ay ________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
______________________________. Kaya ako mismo ay ______________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
___

Salamat sa akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya, partikular na sa Indonesia, ang *Takipsilim sa Djakarta.* Ito ang nagbunsod upang mapalalim ang ating pagpapahalaga sa kahalagahan ng pagpapatawad nang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan.

Ipagpatuloy pa ang pagpapalalim sa'yong pag-unawa't pagpapahalaga sa nasabing nobela sa tulong ng susunod na gawain.

**Gawain 9: Pagsusuri sa mga Larawan**
Iklik ang bawat *link* at suriing mabuti. Pagkatapos, isagawa ang hinihingi ng bawat kahon.

***Link #1***
https://www.google.com.ph/search?q=poverty+philippines&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=qK8BU9X-Oa6yiQemxoDIBg&sqi=2&ved=0CAcQ_AUoAQ&biw=1366&bih=673

Nilalaman ng *site* na ito:

Damdaming namayani nang makita ito:

***Link #2***
https://www.google.com.ph/search?q=corruption+philippines&tbm=isch&tbo=u&source=univ&sa=X&ei=RbMBU-iwGaSUiAfsnYDoBQ&ved=0CC8QsAQ&biw=1366&bih=673

Nilalaman ng *site* na ito:

Damdaming namayani nang makita ito:

***Link #3***
https://www.google.com.ph/search?q=corruption+philippines&tbm=isch&tbo=u&source=univ&sa=X&ei=RbMBU-iwGaSUiAfsnYDoBQ&ved=0CC8QsAQ&biw=1366&bih=673#q=overpopulation+cartoon+in+the+philippines&tbm=isch&imgdii=_

Nilalaman ng *site* na ito:

Damdaming namayani nang makita ito:

**PAGLALAHAT**: Napagtanto ko sa link blg.1 na ang ______________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
Samantala, nabatid ko sa link blg.2 at 3 na ______________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________. Nang dahil sa mga link na ito, nadama kong
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Tunay na sa isinagawang mga gawain, naging maliwanag sa'yo ang lahat hinggil sanhi at bunga ng kahirapan ng buhay sa ating bansa. Nakapanlulumong malaman hindi ba? Masakit nga namang minsan ang katotohanan ngunit nakatutulong ito nang maisagawa ang nararapat na aksyon tungo sa positibong pagbabago.

Nararapat kung gayon na isagawa mo ang susunod na gawain.

**Gawain 10: Batas Ko, Ipatupad Mo**
Hindi maikukubling makikita at mararamdaman ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mayayaman at mahihirap sa ating bansa. Bilang kabataan, ano ang maitutulong mo upang mabawasan ang puwang sa pagitan ng mahihirap at mayayaman? Isipin mong ikaw ay isang kongresista, anong panukalang batas ang maaari mong ipasa sa Kongreso upang maisakatuparan ang nasabing layunin? Paano mo matitiyak na ito ay nakatutulong sa mahihirap na Pilipino? Anuman ang magiging tugon, lakipan ito ng mga salitang nagsaad ng pang-abay na pamanahon. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang kahon.

Malapit mo nang matapos ang ikalawang aralin ng modyul na ito. Napuna mo ang pakinabang na dulot ng pag-aaral sa mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya bagama't dalawang bansa pa lamang ang iyong napag-aralan. Sa kabilang banda, naunawaan mo na rin ang katuturan at gamit ng mga salitang nagsaad ng pang-abay na pamanahon.

Ngayon, nakabubuting balikan mo ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa bahaging PAGTUKLAS at PAGLINANG nang mabatid ang anumang pagbabago sa iyong saloobin at pananaw.

**Gawain 11: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)**
Sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa bahaging pagtuklas at paglinang, iyong nang sagutin ang huling hanay ng IRF.

***Paano dapat pinakikitunguhan ng mga taong ubod ng yamam ang mga mahihirap na di sinasadyang makagawa ng kapahamakan sa kanila?***

| |
|---|
| Unang Tugon (Initial) |
| Pagbabago sa Unang Tugon (Revised) |
| **Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final)** |

Masasabi mo ngayon na sa dalawang akdang pampanitikan mula sa Timog-Silangang Asya na iyong pinag-aralan, unti-unting naibabaon sa'yong puso ang halaga ng mga ito anupa't malaki ang epekto ng mga ito sa'yo bilang isang Asyano.

Sa puntong ito, dadako na sa huling bahagi ng araling ito.

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Tunay na di matutumbasan ang kahalagahan ng pagpapatawad sa sinumang nagkamali, sinasadya man o hindi. Sa kabilang banda, ang kahirapang kinakaharap ng bansa ay malulunasan din basta't may pagkakaisa ang bawat Pilipino. Lahat ng mga ito ay natutuhan buhat sa nobelang iyong pinag- aralan, ang *"Takipsilim sa Djakarta"* ng Indonesia.

Sa kabilang banda, sa gramatika, napalalim na rin ang itong pag-unawa't pagkatuto sa mga kataga o salitang ginagamit sa pang-abay na pamanahon.

Binabati kita! Ngayon, handa mo nang gawin ang huling bahagi ng araling ito.

## PAGLILIPAT

Ito na ang huling bahagi ng araling inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Layunin ng bahaging ito ng modyul na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng iyong proyekto.

Isaalang-alang na sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang ikaw ay makahikayat sa pamamagitan ng isang *book fair*. Gawin mo ang susunod na gawain.

**Gawain 12: Pagbuo sa Balangkas ng Isang *Event/Program Fair***

Gamit ang balangkas ng isang fair na iyong natutuhan sa huling bahagi ng ARALIN 1.

Subukang buuing muli ang balangkas nito yamang magagamit ang kasanayan dito para sa ikatlong aralin ng moyul na ito.

**Muling Pagbalangkas sa mga Detalyeng Taglay ng Isang *Event/Program Fair***

**Katapusang Bahagi ng Paglipat**

Mahusay! Nagawa mong matagumpay ang huling bahagi ng araling ito. Panatilihin ang anumang natutuhan dito yamang patuloy itong pakikinabangan sa mga susunod pang mga aralin ng modyul na ito.

Ngayon, handa ka na sa ikatlong aralin, ang mundo ng tula sa sariling bansa.

## PAGTUKLAS

Alin sa mga sumusunod ang nais mong hilingin sa'yong ina kung sakaling ika'y pinamimili niya: magandang bahay, magarang sasakyan, mamahaling alahas, malawak ng sakahan, malaking halaga ng salapi sa bangko? At bakit ito ang iyong napili? Simulan natin ang bahaging ito sa pamamagitan ng pagsagot mo sa susunod na gawain.

**Gawain 1: Pagbibigay-Reaksyon sa Natatanging Tanong**
Batay sa nabanggit na mga tanong sa itaas, alin nga ba sa mga ito ang iyong pipiliin? Ilahad sa loob ng kahon ang mga dahilan ng iyong pagpili.

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
______________________________

Pagkatapos mong isagawa ang sinundang gawain, iyong tugunan ang hinihiling ng susunod na gawain.

**Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)**
Nasa ibaba ang IRF Sheet. Punan ang unang hanay ng iyong sagot sa tanong.
***Anong uri ng pamana ang pinakamagandang hilingin mula sa iyong mga magulang?***

| |
|---|
| **Unang Tugon (Initial)** |
| Pagbabago sa Unang Tugon (**R**evised) |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (**F**inal) |

Masasalamin sa iyong mga naging tugon sa dalawang sinundang gawainang iyong lubos na pinahahalagahan sa'yong buhay.

Ngayon, ating linangin ang iba pang saloobin na taglay mo na makaaapekto sa pagpili ng mga bagay na iyong pahahalagahan sa pamamagitan ng susunod na bahagi.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang tunguhin mo sa bahaging ito ng modyul ay malinang ang saloobing nakaaapekto sa iyong pagpili ng mga bagay na lubos mong pahahalagahan sa pamamagitan ng pag-unawa sa isang akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya, ang tulang *Ang Pamana* mula sa Pilipinas.

Tunguhin mo ring makita ang kaunayan ng akdang ito sa'yong sariling buhay yamang ika'y isang Pilipino.

**Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan**

Upang higit mong matamo nang lubos ang pag-unawa sa babasahing tulang *Ang Pamana*, makakabuting alamin mo muna ang kahulugan ng mga sumusunod na parirala.






Papuri ko sa'yo'y tanggapin dahil naging matiyaga ka sa pag-alam sa kahulugan ng mga nailistang parirala na maaaring maging sagwil sa iyong pag-unawa sa babasahing tula mula sa sarili nating bansang Pilipinas na pinamagatang *Ang Pamana.*

Kung gayon, handa mo nang gawin ang susunod na gawain.

**Pagbasa 1**

Basahin ang tulang Ang Paman ni Jose Corazon de Jesus. I-klik lamang ang link na ito http://www.youtube.com/watch?v=OaCSnbdtg3c.
Matapos mong mapanood ang tula, sagutin moa ng inihandang mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Sino ang persona sa tula at sino ang kaniyang kinakausap?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2.Ilarawan ang ina ng may-akda?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3.Ano-ano ang habilin ng ina sa kaniyang anak?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

4.Bakit hindi nagalak ang anak gayong siya'y pamamanahan ng ina?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

5.Paano ipinakita ng anak ang pagpapahalaga niya sa sa kaniyang ina?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

6.Sang-ayon ka ba sa paghahati ng ina sa mga kasangkapan para sa mga anak? Pangatuwiranan.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

7.Kung ikaw ang anak, tatanggapin mo ba ang pamana ng iyong ina gayong buhay pa siya? Pangatuwiranan.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

8.Anong mensahe ang nais iparating ng tula sa mga mambabasa?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

**9.Ano ang naging epekto sa'yo ng mensahe ng tula? Bakit ganito ang epekto sa'yo?**

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

10.Angkop ba sa kasalukuyang panahon ang paksa ng tula? Pangatuwiranan.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

Tunay na ang sinundang gawain ang muling gumising sa'yong kamalayan na kapaki-pakinabang ang pag-aaral ng akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya. Madarama mo ang kaugnayan ng akda sa iyong personal na buhay.
Taglay mo na ngayon ang kaunawaan sa tulang *Ang Pamana.* Ipagpatuloy mo ngayon ang paglinang ng iyong pag-unawa sa teksto. Narito ang susunod mong gagawin.

**Gawain 4: Pagbuo ng Akrostik**
Higit na mapapahalagahan mo ang iyong ina sa pagbuo ng akrostik. Sa bawat titik ng pahayag na *Mahal Kita Ina*, magbigay ng isang pangungusap na kinapapalooban ng mga salitang naglalarawan.

**M -**
**A -**
**H -**
**A -**
**L -**

**K -**
**I -**
**T -**
**A -**

**A -**
**K -**
**I -**
**N -**
**G -**

**I -**
**N -**

Matapos mong ilahad ang iyong saloobin sa tulong ng isang akrostik hinggil sa ating mga ina, isang kagalakan naman ngayon na aming mabatid ang ilang natatanging impormasyon tungkol sa ina sa tulong ng susunod na gawain.

**Gawain 5: Ina Ko, Kilalanin Mo**
Ipakilala mo ngayon ang iyong sariling ina sa pamamagitan ng nagbibigay-impormasyon sa hinihiling ng bawat pahayag.

Larawan ng Sariling Ina

Petsa ng Kapanganakan: ______________________________________________

Paglalarawan sa Kaniyang Mata: ________________________________________

Paglalarawan sa Kaniyang Ilong: ________________________________________

Paglalarawan sa Kaniyang Mukha: ______________________________________

Paglalarawan sa Kaniyang labi: ________________________________________

Paglalarawan sa Kaniyang Katawan: ____________________________________

Mga Katangiang Kinalulugdang Lubos: __________________________________
______________________________________________________________

Pinakamasayang Sandaling Kasama si Ina: ______________________________
______________________________________________________________

Pinakamalungkot na Sandaling Kasama si Ina: ____________________________
______________________________________________________________

Pinakamalubhang Pagkakasala sa Ina: __________________________________
______________________________________________________________

Pangarap Sa'yo ng Ina:
______________________________________________
_________________________________________________________________
_

Di Malilimutang Pangaral ni Ina:
________________________________________
_________________________________________________________________
_

Kahilingan Mo Ngayon sa Ina:
_________________________________________
_________________________________________________________________
_

Maraming salamat sa pagpapakilala mo sa'yong ina. Patunay ito na ipinagmamalaki mo siyang totoo.

Dumako naman tayo sa paglinang ng iyong pag-unawa sa gramatika. Narito ang gawaing nakalaan para sa'yo.

Tunay, di matatawaran ang gamit ng mga salitang naglalarawan upang higit
na kapana-panabik at makulay ang bawat tagpo sa ating buhay. Batid nating
magiging nakababagot ang buhay kung wala ang mga pang-uri.

Ngayon, ating patuloy na linangin ang iyong pag-unawa sa mga salitang naglalarawan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**Gawain 6: Mga Pang-uri, Hahanapin Ko't Isasaayos Ko**
Hanapin ang LAHAT ng pang-uring LANTAY na mababasa sa tulang *Ang Pamana* ni Jose Corazon de Jesus. Pagkatapos, isulat ang mga ito sa anyong PAHAMBING at PASUKDOL.

| LANTAY | PAHAMBING | PASUKDOL |
|---|---|---|
| | | |

Ikinagagalak ko ang kasanayang iyong natamo mula sa sinundang mga gawain.

Inaasahan na may nabago sa iyong dating pananaw hinggil sa salitang ***pamana***, nakabubuting ituloy mo ang paggawa sa susunod na gawain.

**Gawain 7: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)**
Balikan mong muli ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa bahaging PAGTUKLAS. Alin sa mga naging sagot mo sa bahaging **I** ng **IRF** ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinakailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot.

***Anong uri ng pamana ang pinakamagandang hilingin mula sa iyong mga magulang?***

| |
|---|
| Unang Tugon (Initial) |
| **Pagbabago sa Unang Tugon (Revised)**<br><br>**Dahilan/Mga dahilan:** |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (**F**inal) |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Sa bahaging ito ng modyul, ang talakayan ay umikot sa tulang mula sa ating bansang Pilipinas, isang bansa sa Timog-Silangang Asya. *Umaasa akong iyong nadama ang koneksyon ng akdang pampanitikang ito sa iyong sariling buhay bilang isang anak na nagpapahalaga sa sariling ina.* Nalinang din ang iyong kaalaman sa pang-uri at sa tatlong kaantasan/kasidhian nito.

Ngayon, handa ka na sa susunod na bahagi ng modyul na ito.

## PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito ng modyul, ibig kong magkaroon kang muli ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong isinagawa, *masasabi mo bang malaki ang naitulong ng akdang pampanitikan mula sa Timog-Silangang Asya, partikular na sa ating bansa upang higit mong madama ang halaga ng iyong sariling ina?*

Ngayon, pagkakataon mo nang palalimin ang iyong pagpapahalaga sa ating mga ina, gayundin ang malalimang pag-unawa sa mga salitang naglalarawan o pang-uri sa pamamagitan ng sumusunod na mga gawain.

**Gawain 8: Pagkuha ng Mensahe Mula sa Mga Video**
Iklik ang sumusunod na link. Unawaing mabuti ang nilalaman ng bawat link. Pagkatapos, punan ang hinihiling ng bawat kahon.

***Link #1*** **http://www.youtube.com/watch?v=Che9CuTvqMs**

| | |
|---|---|
| Ilista ang mga detalye tungkol sa nilalaman ng link na ito | Isa-isahin ang mga mabubuting katangian (pang-uri) ng INA batay sa nakalap na impormasyon |

.

***Link #2*** **http://www.youtube.com/watch?v=W1v8eZSQ0f4**

| | |
|---|---|
| Ilista ang mga detalye tungkol sa nilalaman ng link na ito | Isa-isahin ang mga mabubuting katangian (pang-uri) ng INA batay sa nakalap na impormasyon |

**Link #3** http://www.youtube.com/watch?v=WaClhuumLyY

Ilista ang mga detalye tungkol sa nilalaman ng link na ito

Isa-isahin ang mga mabubuting katangian (pang-uri) ng INA batay sa nakalap na impormasyon

**Link #4** http://www.youtube.com/watch?v=dePmC_mE-b4

Ilista ang mga detalye tungkol sa nilalaman ng link na ito

Isa-isahin ang mga mabubuting katangian (pang-uri) ng INA batay sa nakalap na impormasyon

***Paglalahat:*** Mula sa apat na link hinggil sa ina na aking sinuri, aking napagtantong

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Napalalim ba ang iyong pagpapahalaga sa ating mga ina sa tulong ng sinuring mga *video*? Walang alinlangang naunawaan mo nang lubusan ang dahilan ngayon kung bakit sa tulang *Ang Pamana*, siya, ang sariling ina, ang piniling pamana ng anak.

Ipagpatuloy mo pa ang pagpapalalim sa iyong pagmamahal sa ina sa pamamagitan ng paggawa mo sa susunod na gawain.

**Gawain 9: Simbolo Alay Kay Ina, Ikatuwa Niya Sana**

Bumuo ng isang simbolo na angkop na naglalarawan sa'yong sinisintang ina. Sa loob nang iginuhit na simbolo, ilahad ang mga dahilan kung bakit mo ito napili. Huwag kaliligtaang isama ang mga salitang naglalarawan sa'yong pagpapaliwanag.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
__________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
__________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Totoong tumulong ang gawaing katatapos mo lang isagawa nang mabigyang-diin ang katotohanang maraming puwedeng paghambingan sa'ting mga ina dahil sa kanilang pagiging "*all around*".

Sa puntong ito naman, ating dagdagan ang makabuluhang simbolong iyong nabuo/napili kanina hinggil sa'ting mga ina sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**Gawain 10: Paggawa ng Story Collage gamit ang Glogster**
Bumuo ng iba't ibang mukha ng pagmamahal, sakripisyo't pagpapakasakit na ipinamamalas ng ating mga ina. Puntahan lamang ang *site* ng *glogster* www.glogster.com at doo'y magagawa mo ang hinihiling ng gawaing ito. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Sagutin mo ang mga inihandang tanong.

1.Nahirapan ka ba sa paghahanap ng mga larawang nagpapakita ng pagmamahal,
sakripisyo't pagpapakasakit na ipinamamalas ng ating mga ina? Bakit oo/hindi?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.Hindi ba pagmamalabis o hindi makatotohanan ang iyong mga nakuhang larawan?
Patunayan.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Nahirapan ka ba sa paghahanap ng mga larawang nagpapakita ng pagmamahal,
sakripisyo't pagpapakasakit na ipinamamalas ng ating mga ina? Bakit oo/hindi?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Hindi ba pagmamalabis o hindi makatotohanan ang iyong mga nakuhang larawan?
Patunayan.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.Alin sa mga larawang isinama mo ang iyo/inyo ring naranasan mismo sa'yong sariling
ina?

______________________________________________
______________________________________________

6.Ano ang naging epekto sa'yo ng gawaing ito?

7.Sa iyong simpleng paraan, paano mo masusuklihan ang samo't saring pagpapakasakit at pagmamahal ng iyong sariling ina?

Ang katatapos mong isinagawang *glogster* ay tunay na nagpatibay sa'yong paniniwalang ang buhay kasama si ina ay tunay na kay saya.

Palalimin pa natin lalo ang pagmamahal mo sa'yong ina sa bisa ng susunod na gawain.

**Gawain 11: Tutulaan Kita, Aking Sinisintang Ina**

Lumikha ng tula tungkol sa'yong ina na naglalaman ng pasasalamat, paghingi ng patawad, at mga pangako sa ina. Naglalaman dapat ang tula ng mga salitang naglalarawan (pang-uri). Sundin ang pormat ng tula sa ibaba:

- Anim na saknong na binubuo ng tig-aapat na taludtod ang bawat saknong
- Walong pantig ang bawat taludtod at may tugma
- Malayang bumuo ng sariling pamagat.

PAMAGAT

I.____________________________________________________________
__________

____________________________________________________________
__________

____________________________________________________________
__________

II.____________________________________________________________
__________

____________________________________________________________
__________

____________________________________________________________
__________

III.

V.____________________________________________________________
__________

____________________________________________________________
__________

____________________________________________________________
__________

VI.____________________________________________________________

Sa tulang iyong binuo makikita ang saloobing taglay mo sa'yong ina. Walang dudang matutuwa pa lalo ang iyong ina sa oras na ito'y kaniyang mabasa. Alam kong hindi rito nagwawakas ang ekspresyon ng pagmamahal mo sa'yong ina. Maipakikita mo pa ito sa pamamagitan ng susunod mong gawain.

**Gawain 12: Paggawa ng Liham-Panalangin**
Gumawa ng isang liham-panalangin, alay mo sa lahat ng mga ina sa buong mundo. Sa panalanging ito, lakipan ng mga salitang naglalarawan (pang-uri) nang higit na madama ang iyong sinseridad at katapatan sa'yong sinasabi.

**Panginoon,**

Malapit mo nang matapos ang ikatlong aralin ng modyul na ito. Binabati kita sa mga kasanayang iyo nang natamo.

Nakabubuting balikan mo ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa bahaging pagtuklas at paglinang.

**Gawain 13: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)**
Sa *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa bahaging PAGTUKLAS at PAGLINANG, iyong punan ang huling hanay ng IRF.
***Anong uri ng pamana ang pinakamagandang hilingin mula sa iyong mga magulang?***

| |
|---|
| Unang Tugon (Initial) |
| Pagbabago sa Unang Tugon (Revised) |
| **Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final)** |

May malawak ka ng pag-unawa sa aralin. Nabatid mo na ang kaugnayan sa'yong buhay ng akdang pampanitikang pinag-aralan mula sa Timog-Silangang Asya, *Ang Pamana* na mula mismo sa sariling bansa.

Subukan mong paglimiing muli ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Damang-dama kong napalalim na ang iyong pagpapahalaga sa mga ina lalong-lalo na sa iyong sariling ina sa tulong nga mga isinagawang gawain nang dahil sa naging lunsaran nating akdang pampanitikan mula sa Timog-Silangang Asya, sa Pilipinas sa tulang *Ang Pamana.*

Sa kabilang banda, napalalim na rin ang itong pag-unawa't pagkatuto sa mga salitang naglalarawan (pang-uri). Mainit na komendasyon ang ibig kong tanggapin mo! Ngayon, handa mo nang gawin ang huling bahagi ng araling ito.

## PAGLILIPAT

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan upang higit na mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasagawang iyong proyekto.

Isaalang-alang na sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang makapagsagawa ng isang *book fair.* Makatutulong ang susunod na gawain.

**Gawain 14: Pagbuo ng Isang Fair ukol sa mga Produktong Gulay**
Gamitin ang natutuhan sa pagbabalangkas ng isang *event/ program fair*, subukang bumuo ngayon ng isang *Vegetable Fair*. Ilagay ang lahat ng kinakailangang detalye sa bawat bahagi.

Pangalan ng Fair:
Mga Layunin ng Fair:
Petsa at Lugar ng Fair:

Mga Makikinabang sa Fair:

Mga Mangangasiwa sa Fair:

Mga Panggagalingan ng Suporta:
Halaga ng Gugugulin Salapi (Opsyunal):

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Magaling! Naging makabuluhan ang pagsasagawa mo sa huling bahagi ng araling ito. Huwag kaliligtaan ang kasanayang natamo.

Ngayon, walang alinlangang handa ka na sa ikaapat na aralin ng modyul na ito, ang mundo ng nobela buhat sa Indonesia.

## PAGTUKLAS

Anong matalinong pasya ang iyong isasagawa kung sakaling ikaw ay ikinulong sa loob ng bahay at di hinahayaang makalabas dito sa loob ng ilang buwan, o taon pa nga? Paano mo palilipasin ang iyong oras?

Simulan natin ang bahaging ito sa pamamagitan ng paggawa mo sa susunod na gawain.

**Gawain 1: Reaksyon sa Natatanging Tanong**
Bigyan-tugon ang tanong na nabanggit sa itaas sa pamamagitan ng paglalagay sa'yong paliwanag sa loob ng kahon.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Pagkatapos mong isagawa ang sinundang gawain, iyong tugunan ang hinihiling ng susunod na gawain.

**Gawain 2: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago**
Nasa ibaba ang halimbawa ng *Anticipated Reaction Guide (ARG)* hinggil sa kahulugan at saklaw ng salitang "kalayaan". Basahin ang mga pangungusap na nasa gitnang kolum. Lagyan ng tsek (√) ang kaliwang kolum kung ikaw ay sumasang-ayon. Hintayin mo ang ibibigay na hudyat ng guro kung kailan sasagutan ang kanang bahagi.

***Anticipation-Reaction Guide***

| BAGO ANG TALAKAYAN | PAHAYAG | PAGKATAPOS NG TALAKAYAN |
|---|---|---|
| | 1. Naghahangad ng kalayaan ang sinuman sa atin. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 2 Sa mga ilang bansa, higit na maraming kalayaan ang tinatamasa ng mga lalaki kaysa sa mga babae. | |
| | 3. Nakasalalay sa taglay na kalayaan ang kasiyahan ng bawat tao. | |
| | 4.Nakasalalay ang pag-unlad ng bayan sa kalayaan ng mga mamamayan. | |
| | 5.Gagawin ang lahat makamit lamang ang kalayaan. | |
| | 6. Di nangangahulugan na kahit ano ay maaari mong gawain nang dahil sa tinatamasa mong kalayaan. | |
| | 7. May mga pinunong naghahangad na bawasan o alisan ng kalayaan ang mga mamamayan. | |
| | 8. Isang napakagandang regalong kaloob ng Poong Maykapal ang pagkakaroon natin ng kalayaan. | |

SAVE

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**
Ano ang natuklasan sa sarili sa iyong sinagutan? Naging madali ba ang pagbibigay-kahulugan mo sa salitang kalayaan?

Anuman ang iyong naging tugon, tiyak na malilinang ito sa susunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang tunguhin mo sa bahaging ito ay maipagpatuloy ang paglinang sa iyong kabatiran at pagpapahalaga sa akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya, partikular na ang isang nobela mula sa Indonesia. Iyo ring makikita ang kaugnayan ng akdang ito sa'yong sariling buhay at buhay ng sinumang Asyano.

**Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan**
Punan ang talahanayan sa ibaba sa pamamagitan ng pagbibigay ng kasingkahulugan at kasalungat ng/ ng mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap, batay sa kung paano nagamit ang mga ito upang maunawaan nang mabuti ang bahagi ng nobela mula sa Indonesia na *Kay Estela Zeehandelaar.*

1. Ibig na ibig kong makakilala ng isang babaeng 'moderno', malaya, at masayahin.
2. Balang-araw, maaaring lumuwag ang tali at kami'y makalaya sa pagkakaalipin.
3. Kinakilangang ikahon ako, ikulong at pagbawalang lumabas ng bahay.
4. Puso ko'y sinugatan, makailang ulit na nabigo at nasugatan.
5. Kay tagal na inasam ang emansipasyon, ang paghihintay sa pagpapahalaga o pagkakaligtas sa pagkakaalipin na inasam.
6. Hindi ko nasilayan minsan man ang mundong nasa labas.
7. Dumating ang kaibigan ko't tagapagligtas, ang diwa ng panahon.
8. Malalabasan ko ang aking kulungan nang Malaya at hindi nakatali sa kung sinong *bridegroom.*
9. Opisyal na inihandog sa amin ng mga magulang naming an gaming kalayaan.
10. Itinuring na isang krimen ang kalayaang ipinagkaloob sa amin.

| Kasingkahulugan | Salita | Kasalungat |
|---|---|---|
| | **moderno** | |
| | **lumuwag ang tali** | |
| | **ikahon** | |
| | **sinugatan** | |
| | **emansipasyon** | |
| | **mundo** | |
| | **diwa ng panahon** | |
| | **bridegroom** | |
| | **opisyal** | |
| | **krimen** | |

Pagbati ko'y sumaiyo! Iyo nang naunawaan ang mga salitang maaaring makasagabal sa iyong pag-unawa sa nobela mula sa Indonesia na pinamagatang *Kay Estela Zeehandelaar.*

Dumako na tayo ngayon sa susunod mong gawain.



**Pagbasa 1**

Basahin ang bahagi ng epistolaryong nobela na *Kay Estela Zeehandelaar*.
na isinalin sa Filipino ni Elynia Ruth S. Mabanglo. Iklik lamang ang site na ito upang mabasa ang kabuuan ng bahagi ng nobela.
http://www.wattpad.com/6711354-kay-estella-zeehandelaar-salin-ni-ruth-elynia-s. Pagkatapos, sagutin ang inihandang mga tanong.



Sagutin mo ang mga tanong.

1.Paano binigyang-kahulugan ni Estela ang "babaeng moderno"?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2.Bakit kinasasabikan ni Estela ang “diwa ng panahon”?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Ano ang tanging laman ng isip ni Estela sa gabi’t araw?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Kailan nasusugatan ang puso ni Estela?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.Paano tinanggap ni Estela ang katotohanang lalaki lamang ang may karapatang magkaroon ng ganap na kalayaan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6.Paano pinalipas ni Estela ang maraming araw sa loob ng kanilang tahanan yamang pinagbawalan siyang lumabas dahil sa isa siyang babae?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7.Bakit kinalugdan ni Estela ng tinig na galing sa malayo na lumapit sa kaniya?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

9.Anong uri ng kalayaan ang hinahangad ni Estela?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

10.Anong mensahe ang ibig iparating ng nobela sa mga mambabasa?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**11.Ano-anong pag-uugnay ang iyong makikita sa sanaysay at sa iyong sariling buhay bilang isang Asyano?**

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Oo, isa na namang akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya ang katatapos mo lamang na binasa't inunawa, ang bahagi ng nobelang *Kay Estela Zeehandelaar* ng Indonesia.Nakita mo ba ang kaugnayan ng akdang ito sa buhay mo bilang isang Asyano?

Taglay mo na ngayon ang pag-unawa sa nobelang *Kay Estela Zeehandelaar* ng Indonesia. Ngayon, iyong ipagpatuloy ang paglinang ng iyong pag-unawa sa teksto. Narito ang susunod mong isasagawa.

**Gawain 4: Concept Webbing**
Ibigay ang mga salita o konseptong kaugnay ng salitang nasa loob ng kahon A at kahon B.






Iyo na ngang natamo ang paglinang ng iyong pag-unawa sa mga konseptong saklaw ng binasang nobela.

Dumako naman tayo sa paglinang ng iyong pag-unawa sa gramatika. Narito ang gawaing nakalaang iyong gagawin.

**TANDAAN**

Linangin ang iyong kaalaman sa mga salitang pag-ugnay yamang ang halaga ng mga ito ay tulad ng mga tulay. Alam naman natin kung gaano kahalaga ang mga tulay sa ating buhay. Narito ang impormasyong iyong kinakailangan.

**PANG-UGNAY**

1. **Pang-angkop** – mga katagang nag-uugnay sa panuring at salitang tinuturingan. Dalawa ng itinutring nating pang-ankop sa wikang Filipino, ang ***na*** at ***ng***.
   a. ***na*** – ginagamit kapag ang unang salitang iuugnay ay nagtatapos sa katinig maliban sa ***n***. Isinusulat ito nang hiwalay sa dalawang salitang pinag-uugnay.
   **Halimbawa**: mabai***t*** **na** anak, matapan***g*** **na** sundalo, masara***p*** **na** ulam

   b. ***–ng*** – ginagamit kapag ang unang salitang iuugnay ay nagtatapos sa patinig. Ikinakabit ito sa hulian ng salita. Samantala, kung ang salita ay nagtatapos sa *n*, dinadagdagan na lamang ito ng *–g.*
   **Halimbawa: bago***ng* kompyuter; **bayan***g* payapa**, marumi***ng* kalye

2. **Pang-ukol** – ay kataga o salitang nag-uugnay sa isang pangngalan sa iba pang salita sa pangungusap. Narito ang mga halimbawa: sa, kay, kina, alinsunod sa/kay/kina, laban sa/kay/kina, ayon sa/kay/kina, hinggil sa/kay/kina, ukol sa/kay/kina, tungkol sa/kay/kina, para sa/kay/kina.
   **Halimbawa**: a. **Tungkol sa** kahalagahan ng mga akdang pampanitikan sa Timog-Silangang Asya nakaangkla ang kabuuan ng modyul na ito.
   b. **Para sa** iyong matagumpay na kinabukasan ang pagbibigay-halaga mo sa edukasyon.

**3. <u>Pangatnig</u>** – mga kataga/salitang nag-uugnay ng dalawang salita, parirala, o sugnay.

**Mga Uri ng Pangatnig:**

a. Pangatnig na pandagdag: **at, pati**
b. Pangatnig na pamukod: **o, ni, maging**
c. Pangatnig na nagbibigay-sanhi o dahilan: **dahil, sapagkat, palibhasa**
d. Pangatnig na nagsasaad ng bunga/resulta: **bunga, kay, kaya naman**
e. Pangatnig na nagbibigay-kondisyon: **kapag, pag, kung, basta, upang**
f. Pangatnig na nagsasaad ng pagsalungat: **ngunit, subalit, datapwa't, bagama't**

**Halimbawa:** Kailangang pag-aralan mo ang mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya **sapagkat/dahil** matututo ka mula rito yamang madarama mo ang koneksyon ng mga ito sa iyong sariling buhay bilang isang Asyano.

Batid mo na ngayon ang kahulugan at saklawa ng pang-ugnay.

Subakan natin ngayon kung gaano kalalim ang iyong pag-unawa sa mga pang-unay sa pamamagitan ng iyong pagsasagawa sa susunod na gawain.

**Gawain 5: Pagbuo ng mga Pangungusap na Nagsasaad ng Opinyon**

Bumuo ng tig-isang *<u>pangungusap na nagsasaad ng opinyon</u>* sa bawat pang-ugnay. Siguraduhing may kinalaman sa salitang "kalayaan" ang lahat ng pangungusap na bubuuin.

1. **na** ____________________________________________
   ____________________________________________
2. **ng** ____________________________________________
   ____________________________________________
3. **labag sa**________________________________________
   ____________________________________________
4. **hinggil sa** ______________________________________
   ____________________________________________
5. **pati** ___________________________________________
   ____________________________________________
6. **ni** ____________________________________________
   ____________________________________________

7. **maging** ______________________________________________________

______________________________________________________________

8. **kaya** ________________________________________________________

______________________________________________________________

9. **bagama't** _____________________________________________________

______________________________________________________________

10. **palibhasa** ____________________________________________________

______________________________________________________________

11. **na** __________________________________________________________

______________________________________________________________

12. **ng** __________________________________________________________

______________________________________________________________

13. **labag sa** _____________________________________________________

______________________________________________________________

14. **hinggil sa** ____________________________________________________

______________________________________________________________

15. **pati** _________________________________________________________

______________________________________________________________

16. **ni** __________________________________________________________

______________________________________________________________

17. **maging** ______________________________________________________

______________________________________________________________

18. **kaya** ________________________________________________________

______________________________________________________________

19. **bagama't** _____________________________________________________

______________________________________________________________

20. **palibhasa** ____________________________________________________

______________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Ikinagagalak ko ang kasanayang iyong natamo mula sa sinundang mga gawain, sa panitikan at gramatika. Sa puntong ito, iyong napagtanto kung may nabago sa iyong dating pananaw hinggil sa kalayaan.

Sa bahaging ito ng modyul, muling napagtibay ang kahalagahan ng isang akdang pampanitikan, ang *"Kay Estela Zeehandelaar"* na hango sa Indonesia, isang bansa sa Timog-Silangang Asya. *Umaasa akong iyong nadama ang kaaugnayan ng akdang pampanitikang ito sa iyong sariling buhay bilang isang mamamayan na nagpapahalaga sa tinatamasang kalayaan.*

Sa kabilang banda, nalinang ang iyong kaalaman sa mga salitang ginagamit bilang pang-ugnay sa pagbuo ng mga pangungusap na nagsasaad ng opinyon.

Ngayon, handa ka na para sa susunod na bahagi ng modyul na ito.

## PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito ng modyul, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong isinagawa, *masasabi mo bang malaki ang naitulong ng akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya upang higit mong madama ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kalayaan?*

Ngayon, pagkakataon nang palalimin mo pa ang iyong pagpapahalaga sa taglay mong kalayaan, gayundin ang malalimang pag-unawa sa mga salitang pang-ugnay sa paglalahad ng iyong opinyon sa pamamagitan ng sumusunod na mga gawain.

**Gawain 6: Paghahambing**
Punan ang bawat hanay nang makumpleto ang talahanayan ng paghahambing ukol sa iba't ibang pananaw tungkol kay Estela.

**Si Estela sa Pananaw ng mga taga-Indonesia**

| Bago ang Diwa ng Panahon | Pagdating ng Diwa ng Panahon |
|---|---|
| | |

**Si Estela sa Pananaw Mo Bilang Mambabasa**

| Bago ang Diwa ng Panahon | Pagdating ng Diwa ng Panahon |
|---|---|
| | |

Binabat kita! Dama ko ang paglalim ng iyong pagpapahalaga sa mensahe nang pinag-aralang akda sa tulong ng sinundang gawain.

Palalalimin pa natin ngayon ang iyong pag-unawa't pagpapahalaga sa teksto sa susunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 7: Pagbibigay-kahulugan sa Isang Video at Awit**

Panoorin at unawaing mabuti ang isang pangyayari na naging bahagi na ng kasaysayan ng ating bansa. I-klik lamang ang *site* na http://www.youtube.com/watch?v=iUXxkjV56xw. Para naman sa awit, i-klik ang site na http://www.youtube.com/watch?v=i-n0qU4yUtY. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

***VIDEO***

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang pamagat ng pinanood na video?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.Bakit kailangang maganap ang ganitong pangyayari sa ating bansa?

______________________________________________
______________________________________________

______________________________________________________

3.Sino-sino ang nanguna sa pangyayaring ito?

4.Ano ang naging bunga ng pangyayaring ito?

5.Ano ang maaring kalagayan ngayon ng ating bansa kung wala ang pangyayaring ito?

6.Malaya na nga ba talaga tayong mga Pilipino? Pangatuwiranan.

7.Anong pag-uugnay ang iyong magagawa sa video at sa bahagi ng nobelang *“Kay Estela Zeehandelaar”?*

8.Bakit mahalagang malaman ng lahat ng pinuno ng alinmang bansa ang nagyaring ito
sa ating bansa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**9.Bakit mahalagang gunitain ang pangyayaring ito sa ating bansa?**

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

10.Irerekomenda mo ba ang gawaing tulad nito upang makamit lamang ang kalayaang
inaasam-asam ninuman? Pangatuwiranan.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

11.Binago ba ng *video* ang iyong pananaw hinggil sa 'kalayaan'? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

12.Bakit kapaki-pakinabang ang paghahambing na iyong isinagawa sa *video* at sa
buhay ni Estela Zeehandelaar?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

***AWIT***

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Bakit binuo ang awiting katatapos mo lamang na pinakinggan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.Ano-ano ang mga paglalarawan sa ating bansa bago ito sinakop ng mga dayuhan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Ano-ano ang mga paglalarawan sa ating bansa nang ito'y mapasailalim sa kamay ng
mga dayuhan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Nagtagal ba ang kawalang kalayaan ng mga Pilipino sa kamay ng mga dayuhan?
Patunayan.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.Bakit kapaki-pakinabang na maunawaan ang pangunahing mensahe ng awit?
Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6.Ano ang kaugnayan ng mensahe ng awit sa nobelang *Kay Estela Zeehandelaar?*
Patunayan.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7.Ano ang naging epekto sa'yo ng awit na pinakinggan? Bakit ganito ang naging epekto
sa'yo?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**PAGLALAHAT:** Nang dahil sa video na aking pinanood at awiting pinakinggan, naikintal sa aking puso't isipan na ang kalayaan ay ____________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Sadyang malalim na ang narating ng iyong pag-unawa sa salitang "kalayaan" na binigyang-diin sa akdang *Kay Estela Zeehandelaar* ng Indonesia. Totoong makabuluhan ang ganitong uri ng panitikan mula sa Timog-silangang Asya, lalo pa't dama mo ang iyong kaugnayan dito bilang isang Asyano.

Ngayon naman, ang susunod na gawain ay tiyak na makasasaling ng iyong damdamin dahil personal na madarama mo ang iyong kaugnayan dito.

**Gawain 8: Pagbibigay-interpretasyon sa Isang Kartun**

Suriing mabuti ang isang kartun. Iugnay ito sa salitang “kalayaan”. Pagkatapos, bumuo ng isang sanaysay na binubuo ng mga pangungusap na *nagsasaad ng opinyon*. Gumamit ng mga *pang-ugnay* at bilugan ang mga ito sa bubuuing mga pangungusap. Lumikha ng sariling pamagat.




________________________________________

PAMAGAT

____________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
________

____________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

Nadama mo ba ang iyong kaugnayan sa isinagawang gawain? Tandaan, ito ay praktikal na aplikasyon ng mensaheng nakuha buhat sa akdang *Kay Estela Zeehandelaar* ng Indonesia. Nadarama mo ngayon ang halaga ng ganitong uri ng panitikan mula sa Timog-silangang Asya.

Atin pang palalimin ang iyong pag-unawa't pagpapahalaga sa pamamagitan ng iba't ibang sitwasyong susubok sa iyong karunungan kung ano ang nararapat gawin sa mga tiyak na pagkakataon nang matamo ang "kalayaan".

**Gawain 9: Karunungan Mo, Gamitin Mo Nang Wasto**

Buhat pa rin sa mensaheng nakuha mula sa nobelang Indonesia, ikaw ngayon ay bibigyan ng iba't ibang sitwasyong hahamon sa'yong katalinuhan kung anong pasya ang iyong isasagawa nang mapasakamay ang kalayaang inaasam-asam ng isang kabataang tulad mo.

| Sitwasyon blg.1 | Sitwasyon blg.2 |
|---|---|
| ● Madalas payagang lumabas ng bahay kasama ng kaniyang mga barkada ang iyong ate samantalang ikaw ay hindi. | ● Bakit walang itinakdang oras ng pag-uwi ang iyong kuya samantalang ikaw, kailangang ika-8 ng gabi, dapat nasa bahay ka na. |
| Gagawin: | Gagawin: |

| ***Sitwasyon blg.3*** | ***Sitwasyon blg.4*** |
|---|---|
| ● Lagi kang may kasama sa tuwing dumadalo sa espesyal na mga okasyon samantalang walang kasama ang iyong nakatatandang mga kapatid. | ● Sa tuwing tangkahin mong magbigay ng iyong opinyon, agad kang pinahihinto samantalang malayang-malaya ang iyong mga nakatatandang kapatid. |
| ***Gagawin:*** | ***Gagawin:*** |

**PAGLALAHAT:** Batay sa iba't ibang sitwasyong aking tinugunan, aking napagtantong ang kalayaan ay ______________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
________________________________________________________.

Mula sa sinundang gawain, muli mong napagtantong kay-inam ng buhay kung malaya mong nagagawa ang gusto bagama't alam mong may limitasyon ito.

Sa puntong ito, nang higit na maraming kalayaan ang ipagkaloob sa'yo ng iyong mga magulang, makatutulong ang susunod na gawain.

**Gawain 10*:* Pagbuo ng Sampung Utos**
Bilang isang anak, tiyak na ika'y nagnanais ng mas maraming kalayaan. Tandaan, hindi ganoon kadaling matamo ito. Makatutulong kung ikaw mismo ang bubuo ng *Sampung Utos* nang maipagkaloob sa'yo ang inaasam-asam na kalayaan. Lakipan ito ng mga pang-ugnay sa paglalahad ng opinyon.

**SAMPUNG UTOS PARA MATAMASA ANG MAS MARAMING KALAYAAN**

1.
2.
3.
4.
5.
6.
7.
8.
9.
10.

Malapit mo nang matapos ang ikaapat na aralin ng modyul na ito. Sumaiyo ang mainit at mula sa puso kong pagbati dahil naging matiyaga ka sa pagtamo ng mga kasanayang iyong pakikinabangan sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ngayon, nakabubuting balikan mo ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa bahaging PAGTUKLAS at PAGLINANG.

**Gawain 11: Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (ARG)**
Ito na ang huling pagkakataong isasagawa mo ang ARG nang mabatid mo kung lahat ng mga aytem dito ay naging maliwanag sa'yo. Kung hindi sapat ang mga aytem na nasa ARG dahil may iba ka pang natuklasan sa'yong pag-aaral na sa tingin mo'y napakahalaga, malaya mong isulat ito sa nakalaang patlang sa ibaba lamang ng talahanayang ito.

*ANTICIPATION-REACTION GUIDE*

| BAGO ANG TALAKAYAN | PAHAYAG | PAGKATAPOS NG TALAKAYAN |
|---|---|---|
| | 1. Naghahangad ng kalayaan ang sinuman sa atin. | |
| | 2. Sa mga ilang bansa, higit na maraming kalayaan ang tinatamasa ng mga lalaki kaysa sa mga babae. | |
| | 3. Nakasalalay sa taglay na kalayaan ang kasiyahan ng bawat tao. | |
| | 4. Nakasalalay ang pag-unlad ng bayan sa kalayaan ng mga mamamayan. | |
| | 5. Gagawin ang lahat makamit lamang ang kalayaan. | |
| | 6. Di nangangahulugan na kahit ano ay maaari mong gawain nang dahil sa tinatamasa mong kalayaan. | |
| | 7. May mga pinunong naghahangad na bawasan o alisan ng kalayaan ang mga mamamayan. | |
| | 8. Isang napakagandang regalong kaloob ng Poong Maykapal ang pagkakaroon natin ng kalayaan. | |

**Ang mahalagang impormasyon na aking natutuhan maliban sa mga ayten sa ARG ay ang**

___________________________________________________________

_____________________________________________________________________

___

_____________________________________________________________________

___

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Hindi maikukubling nadama mo ang kahalagahan ng kalayaan nang dahil sa mga gawaing kaugnay ng akdang iyong pinag- aralan buhat sa Timog-silangang Asya, sa Indonesia ukol sa sanaysay na *Kay Estela Zeehandelaar.*

Sa kabilang banda, napalalim na rin ang pag-unawa't pagkatuto sa mga pang-unay na ginagamit sa paglalahad ng opinyon. Muli, mainit na komendasyon ang ibig kong tanggapin mo! Ngayon, handa mo nang gawin ang huling bahagi ng araling ito.

## PAGLILIPAT

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng iyong proyekto.

Makatutulong ang susunod na gawain upang mapagtibay ang iyong natutuhan sa mga pagsasagawa ng isang *book fair*.

**Gawain 12: Pagbuo ng Isang Fair: Cultural Fair**
Hindi na bago sa'yo ang pagbuo ng isang *fair* yamang ikatlong beses mo na itong isinagawa. Ngayon naman, pagtibayin ang natutuhan sa pamamagitan muli ng pagbuo mo ng *Cultural Fair.* Punan ng tamang impormasyon ang hinhiling ng bawat bahagi.

Pangalan ng Fair:
Mga Layunin ng Fair:

Petsa at Lugar ng Fair:
Mga Makikinabang sa Fair:

Mga Mangangasiwa sa Fair:

Mga Panggagalingan ng Suporta:

Halaga ng Guguguling Salapi (Opsyunal):

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Muli kitang binabati dahil naging mahusay ang iyong pagganap sa mga gawain. Gayundin, binabati kita dahil nadama mo ang personal na kaugnayan sa mga akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya anupa't damang-dama mo ang halaga ng mga ito di lamang sa sarili kundi maging sa lipunang Pilipino.

Ngayon, handang-handa ka na para sa huling aralin ng modyul na ito. Patuloy mo sanang ipamalas ang interes at kagalakang matuto sa mundo ng dula ng sariling bansa.

## PAGTUKLAS

Simulan nating ang bahaging ito sa pamamagitan ng paggawa mo sa inihandang gawain.

**Gawain 1: Pagsusuri sa Isang Video**
I-klik at panoorin mo sa website na ito ang isang gawaing palasak sa loob at labas man ng bansa http://www.youtube.com/watch?v=C_fpileWX2Y. Matapos panoorin, sagutin mo ang sumusunod na mga katanungan.

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano ang pangunahing nilalaman ng *video*?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2.Sino-sino ang nahuhumaling sa gawaing ito?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3.Maituturing bang suliranin ng bansa ang ganitong gawain? Pangatuwiranan.

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

4.Bakit nahuhumaling ang ilan kundi man ang karamihan sa gawaing ito?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

5.May naidudulot bang mabuti ang gawaing ito? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6.Kung ang isang miyembro ng iyong pamilya ay nahuhumaling sa bisyong ito, ano ang
iyong gagawin? Bakit mo ito nasabi?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Pagkatapos mong isagawa ang gawain sa itaas, iyong isagawa ang susunod na gawain.

**Gawain 2: Pagsubok sa Paniniwala**
Ang gawaing ito ay susubok sa iyong sariling paniniwala at kaalaman batay sa iyong sariling karanasan. Hindi kailangang sagutin ito ayon sa DAPAT na tugon kung hindi ibatay lamang ang iyong sagot sa iyong kaalaman. Tandaan na ang mga sagot ay maaaring mabago habang pinag-aaralan mo ang araling ito.

| SANG-AYON | DI SANG-AYON | MGA PAHAYAG |
|---|---|---|
| | | 1. Tunay na nakapeperwisyo ang magumon sa anumang bisyo. |
| | | 2. Lahat ng uri ng sugal ay iligal. |
| | | 3. Gagawin ang lahat kahit masama, maipagpatuloy lamang ang bisyong pagsusugal na kinahuhumalingan. |
| | | 4. Lalaki lamang ang nahuhumaling sa sugal na sabong. |
| | | 5. Oras na malugmok ang isang tao sa anumang bisyo tulad ng sugal, mahihirapan na itong kumalas. |
| | | 6. May posibilidad pa ring magbago at talikuran ng isang |

| | | |
|---|---|---|
| | | taong ang bisyo gaya ng pagsusugal. |
| | | 7. Nakabubuting gawing ligal ang lahat ng sugal dahil nakatutulong ito sa pag-unlad ng bayan. |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Sa mga sinundang gawain lumantad ang iyong saloobin hinggil sa isa sa mga maseselang paksa. Masasalamin din sa'yong mga naging tugon ang iyong personalidad. Ngayon, oras na upang iyong galugarin ang mundo ng paksang nakalaan para sa araling ito sa pamamagitan ng susunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang tunguhin mo sa bahaging ito ng modyul ay maipagpatuloy ang paglinang sa iyong kabatiran at pagpapahalaga sa akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya, partikular na ang isang dula mula sa ating sariling bansa. Muli mo rin sanang makita ang kaugnayan ng akdang ito sa'yong sariling buhay at sa lipunang Pilipino.

**Gawain 3: Pagsusuri sa Dulang *Sa Pula, Sa Puti***



**Pagbasa 1**

Basahin ang dulang *Sa Pula, Sa Puti* na isinulat nii Francisco "Soc" A. Rodrigo. I-klik lamang ang site na ito upang mabasa ang kabuuan ng dula http://markjan-markjan.blogspot.com/2009/03/sa-pula-sa-puti-ni-francisco-soc.html . Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.



Sagutin mo ang mga tanong.

1.Bakit kinahumalingan ni Kula sang pagsasabong?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

2.Bakit minabuti ni Celing na pumusta sa sabungan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Ano ang maaaring nangyari sa buhay ng mag-asawang Kulas kung hindi tumaya si
Celing?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Kung ikaw si Celing, gagawin mo rin ba ang tulad ng ginawa niyang pagtaya?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.Kung ikaw naman si Kulas, gagawin mo rin ba ang ipinayo sa'yo ni Castor? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

6.Ano ang naging wakas ng dula? Bakit ito ang nangyari?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7.Paano napatunayan sa dula na ang pagsusugal at pandaraya'y kailanma'y nagdudulot ng kasamaan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

_______________________________________________

8.Masasalamin pa ba sa kasalukuyang lipunang Pilipino ang mga pangyayari sa dula?
Pangatuwiranan.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**9.Ano ang epekto sa'yo ng dulang binasa at bakit ganito ang epekto sa'yo?**

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

10.Ano ang mensaheng ibig iparating ng dula sa mga mambabasa?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

11.Bakit kaya hindi tuluyang maipatigil ang talamak na sugal sa ating bansa?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

12.Bakit kailangang sugpuin ng pamahalaan ang laganap na pagsusugal sa ating
lipunan?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

13.Ano ang iyong maipapayo sa sinumang nahuhumaling sa anumang bisyo gaya ng
pagsusugal?

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________

14.Kung ikaw ang pinuno ng isang pamayanan o ng bansa, gagawin mo bang legal ang
pagsusugal tulad ng sabong? Pangatuwiranan.

________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________
________________________________________________



**DAGDAG NA KAALAMAN HINGGIL SA SABONG**

Sabong ang tawag sa sagupaan ng dalawang manok samantalang sabungero naman ang tawag sa mga taong nagsasagawa o pumupunta sa sabungan. Sinasabing ito ay isa sa paboritong laro sa bansa at impluwensya ng mga Espanyol sa Pilipinas. Ang larong ito ay may kasamang taya o pustang pera kaya madalas ito ay maituturing ding sugal.

May mga ligal at iligal na sabong. Ang ligal na sabong ay ginagawa sa *cockpit* o sabungan tuwing Linggo. Ang iligal na sabong na tinatawag na *tupada* ay isinasagawa naman sa mga bukas na lugar anumang oras na may labanan.

Sa paglalaro ng sabong ay nilalagyan ng *tari* o talim ang paa ng manok. Ito ay inilalagay sa kanan o kaliwang paa ng manok o kaya'y sa parehong paa ng manok depende sa usapan o uri ng labanang nais ng may-ari. Ito ang nagsisilbing armas ng manok upang masugatan ang kaniyang kalaban.

Sa Pilipinas, may mga palabas din sa telebisyong nagtatampok ng sabong tulad ng *Tukaan, Sagupaan, Pilipinas Sabong Sports, at Hataw Pinoy.* Maraming pagkakataon nang naging punong abala ang Pilipinas sa *World Slasher Derby*.

Halos karamihan nang lugar sa Pilipinas ay may sabungan kahit sa maliliit na baryo lamang. Sa katunayan, ito ay maituturing na isa sa masasamang bisyo o nakaugaliang libangan ng mga Pilipino.

Narito ang mga terminong kaugnay sa sabong:

1. sultada – bitaw o labanan ng mga manok
2. tinali – manok na pansabong
3. dehado – talunan; higit na mahina kaysa kalaban
4. liyamado – may malaking bentahe o higit na malakas kaysa kalaban
5. tabla – walang nanalo o talo sa labanan
6. kristo – tawag sa tagakuha ng taya

Magaling! Hindi na lingid sa'yong kaalaman ang kabuuan ng dulang *Sa Pula, Sa Puti*, gayundin ang mga terminong saklaw na dapat maunawaan ukol sa sabong.

Sa puntong ito, iyong patunayang naging maliwanag sa'yo ang dulang binasa sa pamamagitan ng pagsasagawa mo sa susunod na gawain.

**Gawain 4: Pagbubuod sa Dulang *Sa Pula, Sa Puti***

Ibuod ang dula gamit ang grapikong pantulong na nakalaan.



Pagkatapos mong malinang ang iyong pag-unawa sa banghay ng dula, isabay mo na ring linangin ang iyong paa-unawa sa mga pangunahing tauhan nito sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**Gawain 5: Malalimang Pagkilala sa mga Pangunahing Tauhan**
Palutangin ang mga ***katangian*** ng pangunahing tauhan sa dula dahil malaki ang kanilang papel na ginampanan sa daloy ng mga pangyayari. Gayundin, isulat ang mga ***detalyeng magpapatibay*** sa mga babanggiting katangian.






Hindi maipagkakailang ang katatapos mo lamang na binasang dula ay isang akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya, sa ating bansang Pilipinas. Mangyari pa, kitang-kita't damang-dama mo ang kaugnayan ng akdang ito sa buhay mo bilang isang Asyano at sa lipunang Pilipino.

Ngayon naman, patuloy mo ring linangin ang iyong pag-unawa sa gramatika, partikular na ang tungkol sa *pandiwa panaganong paturol.*

**Gawain 6: Pandiwang Panaganong Paturol**
Linangin ang iyong kaalaman sa mga pandiwang panaganong paturol yamang mabisa ito sa pagpapahayag ng impormasyon. I-klik ang site na ito http://www.google.com.ph/url?sa=t&rct=j&q=&esrc=s&frm=1&source=web&cd=1&cad=rja&ved=0CCYQFjAA&url=http%3A%2F%2Fliwanagatdilimucla.files.wordpress.com. Pagkatapos, isagawa ang mga gawaing nakalaan.

**Maghanap ng sampung pandiwang nasa panaganong paturol mula sa dulang *"Sa Pula, Sa Puti"* at ilagay ang mga ito sa tamang hanay.**

| PERPEKTIBO | PERPEKTIBONG KATATAPOS | IMPERPEKTIBO | KONTEMPLATIBO |
|---|---|---|---|
| | | | |

Kasabay ng paglinang ng iyong pag-unawa sa dulang *Sa Pula, Sa Puti,* nalinang din ang iyong pag-unawa tungkol sa pandiwang panaganong paturol. Binabati kita sa tiyaga mo sa pag-aaral!

Ngayon, nakabubuting isagawa mo ang susunod na gawain.

**Gawain 7: Pagsubok sa Nabagong Paniniwala**
Balikan ang gawaing ito na iyong sinagutan sa bahaging PAGTUKLAS. Alin sa mga naging sagot moa ng nagpatibay na totoo at alin naman sa mga ito ang nangangailangan ng pagbabago? Sa huling hanay, tukuyn kung anong banda ng aralin mo ito natutuhan.

| SANG-AYON | DI SANG-AYON | MGA PAHAYAG | NABAGONG PANANAW SA PAHAYAG BATAY SA NATUTUHAN |
|---|---|---|---|
| | | 1. Tunay na nakapeperwisyo ang magumon sa anumang bisyo. | |
| | | 2. Lahat ng uri ng sugal ay iligal. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | 3. Gagawin ang lahat kahit masama, maipagpatuloy lamang ang bisyong pagsusugal na kinahuhumalingan. | |
| | | 4. Lalaki lamang ang nahuhumaling sa sugal na sabong. | |
| | | 5. Oras na malugmok ang isang tao sa anumang bisyo tulad ng sugal, mahihirapan na itong kumalas. | |
| | | 6. May posibilidad pa ring magbago at talikuran ng isang taong ang bisyo gaya ng pagsusugal. | |
| | | 7. Nakabubuting gawing ligal ang lahat ng sugal dahil nakatutulong ito sa pag-unlad ng bayan. | |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Tunay na nagpatibay ang kahalagahan ng isang akdang pampanitikan, ang dulang *Sa Pula, Sa Puti*, na halaw mismo sa ating bansang Pilipinas, isang bansa sa Timog-silangang Asya. Umaasa akong muli mong nadama ang kaugnayan ng dulang ito sa iyong sariling buhay bilang isang Asyano at isang Pilipino.

Sa kabilang banda, napagtibay din ang iyong natutuhan sa mga pandiwang panaganong paturol sa pagbibigay-impormasyon.

Ngayon, hand aka na sa susunod na bahagi ng modyul na ito.

## PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong isinagawa, *masasabi mo na ba ngayon na malaki ang naitulong ng akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya upang higit mong madama ang kapakinabangan ng pag-iwas sa anumang bisyo?*

Ngayon, pagkakataon nang palalimin mo pa ang iyong pagpapahalaga sa hangarin mong layuan ang anumang bisyo tulad ng pagsusugal, gayundi ang malalimang pag-unawa sa mga pandiwang panaganong paturol sa pamamagitan ng sumusunod na mga gawain.

**Gawain 8: Sanhi at Bunga ng Pagsusugal**
Buuin ang dayagram upang maibigay ang sanhi at bunga ng pagsusugal.



Ang sinundang gawain ay tunay na nagbigay sa'yo ng malawakang pananaw hinggil sa sanhi at bunga ng pagsusugal.

Ngayon naman, galugarin mo pa nang malaliman ang daigdig ng pagsusugal sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**Gawain 9: One-Minute Essay: Editoryal Kartun**

Suriing mabuti ang isang editoryal. Pagkatapos, ipaliwanag ang mensahe nito sa loob ng isang minuto. Lakipan ng mga pandiwang panaganong paturol at bilugan ang mga ito.




http://www.cagle.com/tag/revenue/

**PALIWANAG**

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_____
_______________________________________________

Mula sa editoryal kartun na binigyan mo ng paliwanag, napagtanto mong isang mabigat na usapin ang hinggil sa pagsusugal yamang nakasalalay rin dito ang reputasyon ng isang lipunan.

Ngayon, tingnan pa natin kung gaano kapalasak ang usaping pagsusugal sa pamamagitan ng susunod na gawain at kung anong emosyon ang mangingibabaw sa'yo kapag ito'y nabatid mo.

**Gawain 10: Masining na Pagkukwento *Glogster***
I-*video* at i-*upload* mo ang iyong malikhaing pagkukuwento gamit ang aplikasyong ***Present.me***. Padalhan ng kopya ng *link* ang guro. Maaari mo ring i-*post* sa *discussion board* ang iyong ginawang *video* upang makita ng iyong mga kamag-aral at makapagbigay sila ng mga komento. Sundin ang rubrik sa pagtatanghal ng masining na pagkukuwento. Paksa: *Pagsusugal: Sumpa Hindi Biyaya!*

| **PAMANTAYAN** | **NAPAKAGALING 4** | **MAGALING 3** | **NALILINANG 2** | **NAGSISIMULA 1** |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN** | Kahanga-hanga ang lahat ng pahayag ay hinggil sa pagiging sumpa ng sugal at hindi biyaya | Makabuluhan ang mga detalye o pahayag na inilahad | May ilang mga pahayag ang di sumuporta sa paksa | Maraming pahayag ang walang kaugnayan sa paksa |
| **TINIG/ PAGBIGKAS** | Naunawaang lubos dahil sa napakaliwanag na pagbigkas | Sapat lang ang lakas at naunawaan din | Di gaanong marinig at maunawaan | Hindi marinig at maunawaan |
| **GALAW AT KUMPAS/ EKSPRESYON** | Kakaiba at nakapanghihika-yat ang mga galaw at kumpas | May ilang galaw at kumpas na di akma | Nakagugulo ang maraming galaw at kumpas na ginamit | Hindi akma ang mga kumpas at galaw |
| **DATING SA MADLA** | Napapahanga ang mga manonood sa palabas | Nakatatawag-pansin ang presentasyon | Di gaanong nakakuha ng atensyon | Nakababagot ang presentasyon |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **PAGKAMALIKHAIN** | Orihinal at namumukod-tangi ang presentasyon | Sapat lamang ang ipinama-las na pagka-malikhain sa presentayon | Di gaanong kinakitaan ng pagkamalikhain at ilang bahagi ay halaw lamang sa ibang nagawang presentasyon | Hindi kinakitaan ng pagkamalikhain |

Naging makabuluhan ba para sa'yo ang sinundang gawain? Nawa'y nadama mo kung gaano kaseryoso at sadyang mapanganib ang pagsusugal o pagkakaroon ng anumang masamang bisyo.

Nang higit na mabisa ang iyong panlaban sa pagsusugal o anumang di kaaya-ayang bisyo, kaylaking tulong ang susunod na gawain.

**Gawain 11: Pagsusuri ng mga Video**
Puntahan ang mga link sa ibaba. Unawaing mabuti ang nilalaman ng mga ito. Pagkatapos, bigyang-tugon ang kahilingan ng bawat kahon.

***Link blg.1*** **http://www.youtube.com/watch?v=VUsX9UMxJnQ**

**Nilalaman:**

**Mensahe:**

*Link blg.2* http://www.youtube.com/watch?v=UpilMTOtC1A

**Nilalaman:**

**Mensahe:**

*Link blg.3* http://www.youtube.com/watch?v=gZfemmJ7gx0

**Nilalaman:**

**Mensahe:**

***Link blg.4*** **http://www.youtube.com/watch?v=KRBf7zwDQrE**

**Nilalaman:**

**Mensahe:**

**PAGLALAHAT:** Sa tulong ng apat na link sa youtube na aking pinanood, napagtibay ang aking paniniwala na ang pagsusugal ay ______________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Kaya, buo ang aking paninindigang ____________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Sa mga nagbabalak na magsugal, pinapayuhan ko kayong _____________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Sadyang kapaki-pakinabang ang gawaing katatapos mo lamang isagawa. Nakita't narinig mo ang masamang epekto ng pagsusugal hindi lamang sa sarili kundi sa mga taong nakapalibot sa'yo.

Ngayon naman, biibigyan kang muli ng pagkakataong ibulalas ang iyong saloobin hinggil pa rin sa usaping sangkot sa araling ito sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**Gawain 12: Saloobin Mo, Ibulalas Mo**
Ipahayag ang iyong saloobin o pagpapahalaga hinggil sa usaping nakasulat sa loob ng kahon. Lakipan ng mga pandiwang panaganong paturol ang mga pahayag na bubuuin.

| | |
|---|---|
| Tama bang gawing ligal na lamang ang mga sugal para makadagdag pa sa kita ng bansa? | **Saloobin:** |
| Tama bang umasa na lamang sa sugal para sa magandang kapalaran sa buhay? | **Saloobin:** |
| Tama bang mahumaling ang sinuman sa anumang anyo ng sugal? | **Saloobin:** |

**Gawain 13: Paggawa ng Isang Sanaysay**
Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa *Pagsusugal, Sumpa sa Buhay*. Mailahad nang malinaw at maayos ang mga impormasyon nang mahimok ang sinumang babasa na panigan ang argumento sa halip na ito'y kutyain at tuluyang isantabi.

**Paksa:** **Pagsusugal, Sumpa sa Bawat Buhay**

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

Malapit mo nang matapos ang panghuling aralin ng modyul na ito. Binabati kita sa mga kasanayang iyo nang natamo.

Makabubuting balikan mo ang *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimula sa bahaging PAGTUKLAS at PAGLINANG.

**Gawain 14: Huling Pagsipat sa Sariling Paniniwala**
Ito na ang huling pagkakataong isasagawa mo ang gawaing ito nang mabatid mo kung lahat ng mga aytem dito ay naging maliwanag sa'yo. Kung hindi sapat ang mga aytem na nasa hanay dahil may iba ka pang natuklasan sa'yong pag-aaral na sa tingin mo'y napakahalaga, malaya mong isulat ito sa nakalaang patlang sa ibaba lamang ng talahanayang ito.

| SANG-AYON | DI SANG-AYON | MGA PAHAYAG |
|---|---|---|
| | | 1. Tunay na nakapeperwisyo ang magumon sa anumang bisyo. |
| | | 2. Lahat ng uri ng sugal ay iligal. |
| | | 3. Gagawin ang lahat kahit masama, maipagpatuloy lamang ang bisyong pagsusugal na kinahuhumalingan. |
| | | 4. Lalaki lamang ang nahuhumaling sa sugal na sabong. |
| | | 5. Oras na malugmok ang isang tao sa anumang bisyo tulad ng sugal, mahihirapan na itong kumalas. |

| | | |
|---|---|---|
| | | 6. May posibilidad pa ring magbago at talikuran ng isang taong ang bisyo gaya ng pagsusugal. |
| | | 7. Nakabubuting gawing ligal ang lahat ng sugal dahil nakatutulong ito sa pag-unlad ng bayan. |
| **Ang mahalagang impormasyon na aking natutuhan maliban sa mga aytem sa talahanayan ay ang** ________________________________________ ________________________________________ ________________________________________ ________________________________________ | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Tunay na napalalim nang husto ang kaisipang nakasasama ang pagsusugal sa ating buhay anupa't lahat ng mga minamahal mo sa buhay ay tiyak na maaapektuhan. Naging posible ang lahat ng ito sa tulong nga mga isinagawang gawain nang dahil sa naging lunsaran nating akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya, sa Pilipinas ukol sa dulang *Sa Pula, Sa Puti.*

Sa kabilang banda, napalalim na rin ang itong pag-unawa't pagkatuto sa mga pandiwang panaganong paturol. Sinasaluduhan kita sa mga kasanayang iyong natamo, bunga ng iyong determinasyong matuto.

Ngayon, handa mo nang gawin ang huling bahagi ng araling ito.

## PAGLILIPAT

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan.

Sa mga kasanayang iyong natamo, natitiyak kong handang-handa ka na upang maisagawa ang isang malikhaing panghihikayat sa pamamagitan ng

*book fair* na nagtatampok ng mga akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya.

**Inaasahang Pagganap**
**Gawain 15: Pagtatanghal ng Isang Book Fair**



Bumuo ng malikhaing panghihikayat tungkol sa isang *book fair* ng mga akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya. Isasaalang-alang din ang rubrik sa pagsasagawa ng *book fair.*

**<u>GRASPS</u>**

Nang dahil sa paglaganap ng *social media* tulad ng *facebook,* di na mapigilan ang pagbaba ng interes ng taumbayan sa inyong pamayanan sa mga aklat na nagtatampok ng akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya. Batid ito ng inyong lokal na pamahalaan. Dahil dito, kaugnay ng pagdiriwang ng *National Library Week*, kabilang ka sa grupong napili mula sa inyong paaralan na naatasang bumuo ng isang plano para sa gaganaping *book fair* na idaraos sa mismong City Library. Inaasahang dadaluhan ang nasabing *book fair* ng lahat ng mamamayan ng iyong pamayanan upang mabigyan ng pantay na pagkakataon ang lahat na mapahalagahan ang mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya at madama ang kaugnayan nila sa mga ito bilang mga Asyano.Isasagawa niyo ito sa malikhaing paraan ng panghihikayat upang higit na mapasidhi ng taumbayan sa inyong pamayanan ang pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya. Upang maging posible ito, sisiguraduhin ng inyong grupo na may sapat na bilang ng mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya, kailangang makita ang kaugnayan at kabuluhan ng mga napiling akdang pampanitikan sa kanilang pagiging Asyano.

## Rubrik sa Pagsasagawa ng *Book Fair*

| PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY 4 | MAHUSAY 3 | NALILINANG 2 | NAGSISIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN/ SAKLAW** | Nag-uumapaw ang mga akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya | Sapat lang ang mga akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya | Kulang ang mga akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya | Iilan lamang ang mga akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya |
| | Sadyang malaki at malalim ang | Malaki ang kaugnayan | Malabo ang kaugnayan | Pahapyaw lamang ang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **KAUGNAYAN / KABULUHAN** | kaugnayan at totoong makabuluhan sa buhay ng mga Asyano ang mga akdang napili. | at makabuluhan sa buhay ng mga Asyano ang mga akdang napili. | at may mababaw na kabuluhan sa buhay ng mga Asyano ang mga akdang napili. | kaugnayan at kabuluhan sa buhay ng mga Asyano ang mga akdang napili. |
| **PAGKA-MALIKHAIN** | Orihinal at kahika-hikayat ang paraan ng presentasyon ng mga akdang pampanitikan. | Nakatatawag ng pansin ang paraan ng presentasyon ng mga akdang pampanitikan. | Hindi gaanong nakahihimok ng atensyon ang paraan ng presentasyon ng mga akdang pampanitikan. | Mahina lamang ang dating (impact) ng paraang ginamit sa presentasyon ng mga akdang pampanitikan. |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Mula sa aking puso, komendasyon ang ibig kong tanggapin mo sapagkat naisakatuparan mo nang mahusay ang proyekto ng unang markahan.

Tunay na kapaki-pakinabang ang pag-aaral sa mga akdang pampanitikan ng Timog-silangang Asya sapagkat damang-dama mo ang iyong koneksyon bilang isang Asyano at pakikinabangan mong totoo sa pang-araw-araw na pamumuhay ang mga aral na natutuhan.

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya mo ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong sagutan ang pagsusulit. Kungikaw ay nakapasa, maaari ka nang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mo uling balikan ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. I-klik ang titik nang napili mong sagot.

1. Sa aling bansa sa Timog-silangang Asya nagmula ang maikling kuwentong *Ang Ama?*
   a. Pilipinas
   b. Singapore
   c. Thailand
   d. Indonesia

2. Sa tulang *Ang Pamana* mula sa bansang Pilipinas, bakit hindi ikinatuwa ng anak ang pamanang ibinibigay sa kaniya ng kaniyang ina?
   a. dahil ikinalungkot ng anak ang pahiwatig na malapit na ang pagyao ng kaniyang minamahal na ina
   b. sapagkat hindi kasangkapan sa kusina ang nais manahin ng anak kundi isang instrumentong pangmusika
   c. dahil ibig ng anak na gawin ang paghahati-hati ng mana sa harapan mismo nilang magkakapatid
   d. sapagkat ang kahilingan ng anak na kasama ang ama sa paghahati-hati ng mana ay hindi natupad

3. Sa akdang Indonesia na *Kay Estela Zehandelaar,* ano ang kinasasabikang salubungin ni Estela?
   a. Ang pagdating ng mga minamahal na magulang na nagtatrabaho ng matagal na panahon mula sa malayong bansa.
   b. Ang pagdalaw sa kanila ng kaniyang mga kuya na nagtatrabaho sa matagal na panahon sa ibang bansa.
   c. Ang diwa ng panahong silang mga babae sa lipunan ay mabigyan nang ganap na kalayaan.
   d. Ang diwa ng panahong siya'y magkaroon ng asawa't mga anak at magsama-sama sa isang pamayanang payapa.
4. Ano ang pinakaangkop na salawikain ang maiuugnay sa mensahe ng maikling kuwentong *Ang Ama?*

a. Ang punong santol ay di namumunga ng mangga
b. Ang talon ng amang kambing, ang anak ay gayon din
c. Kapag maigsi ang kumot, magtiis mamaluktot.
d. Kung walang isinuksok, walang madudukot

5. Alin sa mga sumusunod na mga pahayag ang kakikitaan ng mga pang-uri o mga salitang naglalarawan?
   a. Ang pagsasabuhay sa mga aral na natutuhan ay nakatutulong sa pag-abot ng mga pangarap sa buhay.
   b. Ikinatuwa ng mga magulang ang balitang nabigyang-parangal ang kanilang anak dahil sa katapatan.
   c. Ikinalungkot ng anak ang balitang nasa pagamutan ang kaniyang kapatid nang dahil sa *dengue*.
   d. Nawili nang husto ang mga mag-aaral sa panonood ng parada kahit kasalukuyang umuulan noon.

6. Alin sa sumusunod na mga pangungusap ang nagsasaad ng opinyon batay sa pahayag na nagsasaad ng katotohanan na *Walang pinipiling kasarian ang pagiging guro, doktor, o pulis?*
   a. Batay sa obserbasyon, higit na magagaling ang mga lalaking guro o pulis kaysa sa mga babae.
   b. Ang mga salitang tulad ng doktora, abogada, at inhinyera ay nagsasaad ng kasariang pambabae.
   c. Ang mga kursong tulad ng abogasya, pagdodoktor, at pagiging pulis ay bukas sa lahat ng kasarian.
   d. May ilang doktor at abogadong nagbibigay ng kanilang serbisyo nang walang hinihintay na bayad.

7. Alin sa sumusunod na lipon o grupo ng mga salita ang nagsasaad ng pang-abay na pamanahon?
   a. nagbasa, kalilinis, nag-aaral, pag-iigib
   b. mahalimuyak, nagniningning, mabato, nakasisilaw
   c. subalit, gayunpaman, dahil sa, sa wakas
   d. kanina, mamaya, bukas, sa susunod na araw

8. Alin sa pangungusap na ito ang itinuturing na mga pandiwang panagong paturol: *Kasuklam-suklam at di katanggap-tanggap ang gawaing pang-aalipusta, pambubuska, o pag-uyam sa sinumang may kapansanan sa lipunan yamang di nila ginusto ang maging ganito at sila rin ay may karapatang mabuhay?*
   a. kasuklam-suklam, di katanggap-tanggap
   b. pang-aalipusta, pambubuska
   c. nila, sila
   d. kapansanan, lipunan
9. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang pinakaangkop na mensahe ng maikling kuwentong *Ang Ama?*

a. Mahalin ang mga ama nang buong puso at iwasang masaktan ang kanilang kalooban upang di sila magdamdam.
b. Maging matalino sa anumang pagpapasyang isasagawa nang maiwasan ang pagsisisi sa bandang huli.
c. Bigyang-papuri ang ating mga ama dahil sa araw-araw na sakripisyo alang-alang sa kanilang pamilya.
d. Likas sa atin ang magdamdam kapag di naibibigay ng ama ang ating mga pangangailangan sa buhay.

10. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang pinakaakmang mensahe na nais maikintal sa puso't isipan ng mga mambabasa sa tulang *Ang Pamana?*
    a. Nakabubuti sa kinabukasan ng mga anak kung may pamanang ibibigay ang kanilang mga magulang.
    b. Huwag pilitin ang mga magulang kapag wala silang maibigay na pamana sa kanilang mga anak.
    c. Pahalagahan sana ng mga anak ang anumang pamanang materyal na maibibigay sa kanila.
    d. Wala nang hihigit pang materyal na bagay sa pagmamahal ng anak sa kaniyang mga magulang.

11. Ano ang pangunahing mensahe ng nobelang mula sa Indonesia na *Takispsilim sa Djakarta?*
    a. Tingalain ang sinumang mayamang nakikita sa lipunan.
    b. Magpasya nang husto yamang nasa huli ang pagsisisi
    c. Gawing mabuti ang sinumang pulis ang kanilang obligasyon.
    d. Palawakin ang pag-unawa para malutas ang problema.

12. Sa dulang mula sa Pilipinas na *Sa Pula, Sa Put*", anong mensahe ang nais nitong iparating sa mga mambabasa?
    a. Ang pagsusugal ay isang bisyo ng mga Pilipino na nararapat iwaksi dahil sa kasamaang dulot nito.
    b. Ang pagsuporta ng asawang babae sa kaniyang asawa ay nararapat ipakita sa lahat ng pagkakataon.
    c. Ang pagdadamayan ng mga magkakaibigan ay nakatutulong nang malaki upang malutas ang suliranin.
    d. Ang mga hayop ay tratuhing parang tao sapagkat taglay din nila ang buhay na dapat igalang ninuman.

13. Alin sa mga sumusunod ang di tamang pananaw hinggil sa isang nobela?
    a. Maraming kabanata ang bumubuo sa nobela.
    b. Madalas, hindi matatapos sa isang upuan ang pagbabasa sa nobela.
    c. Maaaring mag-isa bilang isang kuwento ang bawat kabanata sa nobela.
    d. Sumasaklaw ng iba't ibang panahon ang mararaming pangyayari sa nobela.

14. Paano maisasagawa ang malikhaing panghihikayat sa mga akdang pampanitikan mula sa Timog-silangang Asya?
    a. Nakabatay ang panghihikayat sa nadaramang kaugnayan ng mga akdasa personal na buhay.
    b. Nakabatay ang panghihikayat sa kung gaano karami ang *audience* na hihimukin.
    c. Nakabatay ang panghihikayat sa dami ng mga paraang gagamitin.
    d. Nakabatay ang panghihikayat sa premyong salaping matatanggap ng *audience*.

15. Mahigpit na ipinagbilin ng inyong ina na pagsabihan mo ang iyong mga nakababatang kapatid na laging isara ang pinto upang 'di makapasok ang mga alaga ninyong aso dahil sa pangambang maaaring mabasag ng mga ito ang mga naggagandahan at mamahaling plorera na palamuti ng inyong bahay. Gayunpaman, sa'yong pagmamadali, ikaw mismo ang nakalimot na isara ang pinto. Nalaman mo lamang na bukas ito nang may narinig kang natumba at nabasag na plorera dahil nakapasok ang nasabing mga alaga. Ano ang iyong gagawing paliwanag sa iyong ina?
    a. Kung magtanong ang ina, sabihing wala ka sa bahay nang mangyari ito.
    b. Kung magtanong ang ina, sabihing nakaligtaan ng kapatid na isara ang pinto.
    c. Kapag magtanong ang ina, idahilang ikaw ay natutulog nang mangyari ito.
    d. Kapag magtanong ang ina, aminin mo ang totoo at humingi ng paumanhin.

16. Pinakiusapan ka ng iyong nakatatandang kapatid na bumili ng ilang sangkap para sa niluluto niyang sinigang na hipon. Agad ka namang tumalima o sumunod sa utos. Sa tabi ng pamilihan, nakita mo ang iyong mga malalapit na barkada na napakasayang naglalaro sa isang *computer shop*. Nang makita ka, ilan sa kanila ang tumayo para hilain ka't samahan sila sa paglalaro. Ano ang iyong gagawin?
    a. Sasamahan sa paglalaro ang mga kaibigan upang 'di sila magtampo sa'yo.
    b. Harapang pahihiyain ang mga kaibigan upang 'di ka piliting makilaro sa kanila.
    c. Sasabihing sa ibang araw ka na lamang makikilaro dahil may iniuutos sa iyo.
    d. Magkukunwaring 'di nakita ang mga barkada at diretso ang tingin sa pamilihan.

17. Maaga kang umalis sa bahay dahil usapan ninyong magkakaibigan na lumiban sa klase at maglaro ng kompyuter sa bahay ng isa pang kaklase. Buong akala mo'y kayo lamang na magbabarkada ang nakaaalam nito,

subalit sa ‘di sinasadyang pagkakataon, nalaman ito ng nakababata mong kapatid. Kaya sa’yong pag-uwi, labis ang galit sa’yo ng iyong mga magulang dahil sa sumbong ng iyong kapatid. Ano ang iyong gagawin?

   a. Magmatigas at ipagpilitan sa magulang na ika’y hindi lumiban sa klase.
   b. Pagsisihan ang ginawa at ipangako sa magulang na ‘di na ito uulitin.
   c. Paghigantian ang kapatid upang ‘di na siya magsusumbong sa susunod.
   d. Humingi ng tawad sa nagawang kasalanan subalit paghihigantian ang kapatid.

18. Tamad, matigas ang ulo, pabaya sa pag-aaral, at sumasama sa kung sino-sinong barkada. Sa nagdaang mga araw, halos malimit mong naririnig ang mga ito na sinasabi ng iyong ama’t ina sa iyong kuya. Alam mong ‘di naman siya dating ganito. Sa katunayan, hinahangaan mo ang kaniyang pagiging mabuting kuya dahil nagbibigay siya ng mabubuting payo sa’yo sa tuwing ika’y may problema. Isang araw, napuna mong umiiyak ang iyong kuya. Paano mo tutulungan ang iyong kuya?
    a. Huwag siyang pansinin nang ‘di madamay sa galit ng mga magulang, tutal matanda na siya at alam na niya ang ginagawa.
    b. Kausapin siya nang mula sa puso upang malaman ang tunay na nangyari at maibigay ang nararapat na tulong sa kaniya.
    c. Kausapin at payuhan siyang maglayas na lamang upang ‘di na muling mapagsabihan at malaya nang magawa ang kahit ano.
    d. Kausapin at payuhan siyang lumaban para masindak ang mga magulang at tumigil na sila sa pagbibigay ng payo sa kaniya.

19. Kung ‘di ka nagkakamali, buwan na ang lumipas mula nang simulan mong ipanalangin ang kaligtasan ng inyong pamilya, ang tagumpay ng inyong negosyo, at ang tagumpay ninyong magkakapatid sa pag-aaral. Gayunpaman, pakiramdam mo’y napakalayo ng Diyos sa inyo. Kagagaling lamang mula sa sakit ang iyong ama, unti-unting nalulugi ang inyong negosyo ayon sa’yong ina, at kayong magkakapatid ay laging may bagsak na asignatura. Alin sa mga sumusunod na saloobin ang pinakamainam pa rin na dapat mong panatilihin?
    a. Tuluyang iwaksi sa isipan na may Diyos na mapagmalasakit at handang tumugon sa ating mga panalangin.
    b. Patuloy na magtiwala sa Diyos at isiping may kaakibat na solusyon ang anumang suliraning nararanasan.
    c. Kitlin ang sariling buhay upang ‘di na makita’t maranasan ang samo’t saring pagsubok na dumarating sa buhay.
    d. Matutong maglihim sa mga magulang upang mabawasan ang mga problemang gumugulo sa kanilang isipan.

20. Nabalitaan mong paparating ang isang malakas na bagyo at sa inyong lugar ang sentro. Nagbigay ng mga babala ang mga tagapagbalita na huwag nang lumabas ng bahay upang makasigurong ligtas. Ilang oras mo ring pinagmasdan ang kalangitan subalit tila napakaganda ng panahon. Nasa ganito kang kalagayan nang tumunog ang *cellphone* mo't niyayaya ka ng iyong kaibigan na panoorin sa sinehan ang isang pelikulang pinag-uusapan ng bayan. Ano ang pinakaangkop mong gagawin sa ganitong pagkakataon?
    a. Sabik na paunlakan ang paanyaya ng kaibigan upang ika'y may maikuwento kapag pinag-usapan na ang tungkol sa pelikula.
    b. Agad na sasamahan ang kaibigan sa panonood at kapag napansing bubuhos na ang ulan ay saka lamang uuwi nang mabilisan.
    c. Magdahilang maysakit upang maiwasan ang pamimilit ng kaibigan at makaiwas sa panganib na maaaring idulot ng nasabing bagyo.
    d. Huwag tanggapin ang paanyaya sa halip ay bigyan siya ng babala hinggil sa paparating na bagyo, marahil 'di niya ito nabalitaan.

## GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

**Bukanliwayway -** Pagsikat ng araw; bagong umaga

**Ibulalas -** Sabihin; ipahayag

**Ikintal -** Itanim sa puso o isipan; mailagay sa isip at maging bahagi ng pagkatao

**Collage -** Isang masining na komposisyon na nagbibigay-diin sa kayarian at disenyong karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng pagdidikit ng mga papel, tela, at iba pang materyal nang sama-sama. Ang magandan, maaari nang isagawa ito sa internet, ang tinatawag na "glogster".

**Di maitatatwa -** Hindi maipagkakaila

**Dula -** Ayon kay Aristotle, ito ay isang masining at maagham na panggagaya sa kalikasan ng buhay. Ito'y kinatha at itinatanghal upang magsilbing salamin ng buhay. Nagbibi

**Kabagabagan -** Maraming problema ang gumugulo sa isipan; hindi mapanatag

**Kabatiran -** Kaalaman

**Kasabihan -** Mga pahayag na may layuning maghatid ng aral. Madalas na lantad ang kahulugan

**Kasuklam-suklam -** Kinayayamutan; kinaaayawang lubos; matinding pagkainis; pinandidirihan

**Kinahuhumalingan -** Pinag-aalayan ng maraming panahon; patuluyang paggawa sa isang gawain tulda ng bisyo

**Maikling Kuwento -** Isang anyo ng panitikan na nasa ayos tuluyan. Binubuo ng ilang tauhan lamang at may iisang kakintalan.

**Magarbo -** Magara; natatangi, nangingibabaw

**Mapagtanto -** Malaman, mabatid,

**Mapasidhi -** Mapalalim

**Masasalamin -** Makikita

**Nagbunsod -** Nagdala; naging sanhi; nagpangyari

**Nakababagot -** Pagkawala ng gana/interes; kawalang kasiyahan

**Nobela -** Isang anyo ng panitikan na binubuo ng mga kabanatang di kayang tumayong mag-isa. Binubuo rin ito ng maraming tauhan, sumasaklaw sa mahabang panahon, at maraming kakintalan. Madalas, hindi ito natatapos basahin sa isang upuan lamang

**Pagpapakasakit -** Matinding sakripisyo

**Pinakamasaklap -** Pinakamatindi/pinakagrabe; malayo sa karaniwan

**Salawikain -** Di karaniwang paglalahad ng kaisipan. Matalinghaga, hindi lantad ang kahulugan. May malalim na kahulugan. Nangangailangan ng malalimang pag-unawa. Karaniwang ginagamit sa pagbibigay-aral.

**Sanaysay -** Isang anyo ng panitikang tumatalakay sa mga napapanahong paksa na kinasasangkutan ng lipunan, ng bansa, o ng mundo. Mga paksang tuwiran o di tuwirang nakaaapekto sa sambayanan. Mayroong dalawang anyo. Una, ang pormal na sanaysay nan a pumapaksa sa isang maselang isyu kaya nangangailangan ng masusing pag-iingat at lohikal na paglalahad ng mga impormasyon, kailangan ng sapat na ebidensya na masusing kinalap at pinag-aralan, at seryoso ang tono nito.

Samantala, ang ikalawa'y di pormal na sanaysay, ito'y kabaligtaran lamang ng pormal na sanaysay. Hindi ganoon kaselan ang usapin dito at di kailangan ng malalimang pag-alam sa mga ebidensya sa isang usaping tinatalakay. Madalas, tinatalakay rito ang mga karaniwan at pang-araw-araw na paksa. Palakaibigan ang tono nito

**Talinghaga -** Mga pahayag na may malalim at di literal na kahulugan

**Tula -** Isang anyong panitikan na binubuo ng mga saknong at taludtod, maaaring may sukat at tugma, o kaya'y malayang taludturan, at naglalaman ng mga talinghaga

**TALASANGGUNIAN NA GINAMIT SA MODYUL**

Binsol A. Angelita. (2009). *Tanglaw sa Wika at Panitikan*. Makati City. DIWA Learning Systems Inc.

Julian Aileen G. (2010). *PLUMA III.* Phoenix Publishing House Inc.

Peńa L. Estrella at Jessie S. Setubal. (2012). *SIKHAY III.* Ephesians Publishing Inc.

Reyes, Maurita M. et.al. (2008). *FILIPINO Sa Makabagong Panahon.* Sta.Ana Manila.
VICARISH Publication & Trading, Inc.

Awiting Makabayan. Retrieved on February 2014 from
http://www.youtube.com/watch?v=i-n0qU4yUtY

Kabuuan ng Dulang “Sa Pula, Sa Puti”. Retrieved on February 2014 from
http://markjan-markjan.blogspot.com/2009/03/sa-pula-sa-puti-ni-francisco-soc.html .

Editoryal Kartun: Pagsusugal. Retrieved on February 2014 from
http://www.cagle.com/tag/revenue/

Impormasyon hinggil sa Pagpapatawad. Retrieved on February 2014 from
http://www.youtube.com/watch?v=iv50xrsFNdU
http://www.youtube.com/watch?v=t3bN1BvOT-4
http://www.youtube.com/watch?v=Jb00enz-JM0
http://www.youtube.com/watch?v=Jb00enz-JM

Kahirapan ng Buhay sa Pilipinas. Retrieved on February 2014 from
https://www.google.com.ph/search?q=poverty+philippines&source673

Kurapsyon sa Pilipinas. Retrieved on February 2014 from
https://www.google.com.ph/search?q=corruption+philippines&tbm

Maikling Kwento ng Singapore na “Ang Ama” ni Mauro Avena. Retrieved on February
2014 from, http://tl.answers.com/Q/Buod_ng_kwentong_ang_ama_ni_mauro_r_avena,

Mga Pandiwang Panaganong Paturol. Retrieved on February 2014 from
http://www.google.com.ph/url?sa=t&rct=j&q=&esrc=s&frm=1&source=web&cd=1&cad=rja&ved=0CCYQFjAA&url=http%3A%2F%2Fliwanagatdilimucla.files.wordpress.com

Nobela ng na “Takipsilim sa Djakarta”, ni Aurora Batnag. Retrieved on February 2014
from http://www.scribd.com/doc/168257519/Takipsilim-Sa-Djakarta

Pagsusugal: Mga Mensahe. Retrieved on February 2014 from
http://www.youtube.com/watch?v=VUsX9UMxJnQ
http://www.youtube.com/watch?v=UpilMTOtC1A
http://www.youtube.com/watch?v=gZfemmJ7gx0
http://www.youtube.com/watch?v=KRBf7zwDQrE

Paglobo ng Populasyon sa Pilipinas. Retrieved on February 2014 from https://www.google.com.ph/search?q=corruption+philippines

Pagmamahal ng Ina sa Anak. Retrieved on February 2014 from
http://www.youtube.com/watch?v=Che9CuTvqMs
http://www.youtube.com/watch?v=W1v8eZSQ0f4
http://www.youtube.com/watch?v=WaClhuumLyY
http://www.youtube.com/watch?v=dePmC_mE-b4

Sanaysay na "Kay Estela Zehandelaar" ni Ruth Mabanglo. Retrieved on February 2014 from http://www.wattpad.com/6711354-kay-estella-zeehandelaar-salin-ni-ruth-elynia-s.

Tulang Pamana ni Jose Corazon de Jesus. Retrieved on February 2014 from http://www.youtube.com/watch?v=OaCSnbdtg3c

Wagas na Pagmamahal ng Ama sa Anak. Retrieved on February 2014 from
http://www.youtube.com/watch%3Fv%3DnyFHqNf65U8
http://www.youtube.com/watch?v=1BZmuz88KEY
http://www.youtube.com/watch?v=3OkZ7xMqdRQ
http://www.youtube.com/watch?v=3S9ur0x-z7U
http://www.youtube.com/watch?v=D3r-Y0Lzyxg

Video ng Edsa I. Retrieved on February 2014 from http://www.youtube.com/watch?v=iUXxkjV56xw.

Video ng Pagsusugal. Retrieved on February 2014 from http://www.youtube.com/watch?v=C_fpileWX2Y